


# MGA DESPERASYON

 Manatili po tayong nakatayo ngayon habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo.

Panginoong Jesus, kami lamang po'y nananampalataya. Iyong sinabi sa amin na manampalataya lamang, at kami'y nananampalataya ngayon. At amin pong iginagawad sa Iyo ang pasasalamat at papuri para sa bagay na amin nang narinig at nakita, na inaangkla ang aming pananampalataya. Ganoon na lamang na pinasasalamatan Ka namin para sa panibagong oportunidad na makadako para makapag-ministryo sa kanila na mga nangangailangan. Ngayon dalangin ko po sa Iyo, Diyos, na tugunan ang aming mga pangangailangan ngayong gabi ayon sa Iyong pangako. Sa Pangalan ni Jesus ay aming hinihiling ito. Amen.

<sup>2</sup> Tayo'y galak na galak sa gabing ito dahil sa pribilehiyong ito na makabalik sa tabernakulo uli, para—para . . . dala ang Ebanghelyo ng nagbangong Panginoong Jesus. At medyo atrasado lang ako. May mahalaga lang akong tinugunan na kaso mula sa Michigan ngayon-ngayon lang. At ang Panginoon nga'y gumawa ng kahanga-hangang bagay ngayon-ngayon lang para sa kanya. Grabe, alam nga Niya ang lahat ng mga bagay at talagang inilalatag ito nang sadyang . . . Di na kailangang sabihin pa sa Kanya; alam Niya, alam Niya mismo kung ano 'yun. At kaya lubos-lubos ang pasasalamat natin. Ang mga tao'y nagmaneho buong araw para makadako rito. At, kaya naman, lubos-lubos ang pasasalamat natin para riyan. Ngayon, huwag n'yong kalimutan 'yung . . .

Umaandar na po ba ang teyp? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Hayan ang switch ng ilaw diyan.”—Pat.] Oh, switch ng ilaw. Sige nakita ko na.

Huwag n'yong kalimutan 'yung—'yung mga gawain sa parating na sanlinggo, Miyerkules ng gabi, at kasunod na Linggo ng umaga, at Linggo ng gabi. Kung nasa palibot lang kayo, ng komunidad, nakakatiyak ako magagalak sila na makasama kayo rito.

At ngayon, ipanalangin n'yo ako, sa pagbiyahe ko sa kung saan, at umaasa ako na makabalik din agad.

<sup>3</sup> Nais kong pasalamatan kayong lahat dahil sa kabutihan n'yo at mga alaala ng bagay na ginawa n'yo para sa akin. At may kapatid na nagpadala sa akin ng bagong terno mula sa isang munting simbahan sa Georgia. At—at sila roon . . . Talaga pong kahanga-hanga. At nais kong pasalamatan ang mga tao mula sa Kentucky, na kasama ko noong nakaraang sanlinggo sa bakasyon. At lahat ng ginawa ng Diyos para sa amin doon,

na dakila't, makapangyarihang kamay na nakita namin Siya, na ginawa Niya.

<sup>4</sup> Ngayon umaasa kami na makita kayo muli malapit na, pagkabalik na pagkabalik ko sa dako rito, papunta ng New York para sa pagtitipon. Diyan po 'yan sa Stone Church kasama si Kapatid na Vick, na magsisimula, nang sa palagay ko sa ika-labindalawa ng Nobyembre. At kami'y narito na, nang ilang araw bago pa nun.

Tapos dadaan uli kami pabalik, pupunta ng—ng Shreveport, Louisiana, kasama si Kapatid na Jack Moore. Sa Thanksgiving po 'yan, linggo ng Thanksgiving, paroroon po sa Shreveport. Ipinaskil po 'yan sa bulletin board, sa palagay ko, diyan sa mga anunsyo.

<sup>5</sup> At pagkatapos umaasa kami na makasama ang ilan sa mga kaibigan sa Katimugan pagkatapos ng Pasko. At nasa Phoenix kami ng Enero. At pagkatapos hinihintay lang ang mga tawag mula sa ibayong-dagat, para maihanda ang mga pagtitipon para sa ibayong-dagat. Trinatrabaho nila ang mga ito ngayon, nitong nakaraang buwan, ni Kapatid na Borders, nagpapalitan sila ng liham, mula sa isang kumpletong paglibot ng mundo na sisimulan kapag naihanda na namin ito, pero kinakailangan pa naming hintayin ang mga kalagayan.

<sup>6</sup> Napakaraming tao roon, hindi namin sila mailagay sa loob ng mga gusali; kinakailangan nga sa labas. At pagkatapos dagsa talaga sila, halos di kapani-paniwala ang bilang, kung minsan pa nga'y umaabot ng limang-daang libo. Kalahating milyong tao po 'yan sa isang pagtitipon lang; hindi nga 'yan bilang ng mga dumadalo sa pagtitipon sa loob ng maraming araw, kundi isang pagtitipon pa lang. Alam n'yo, kadalasan binibilang ng mga ebanghelista kung gaanong karaming tao ang dumalo sa loob ng anim na linggo. Kita n'yo? Pero binibilang namin—binibilang namin kung ilan ang dumalo nung araw na 'yun, nang isang beses. At hayan nga na kung minsan walang lugar para pag-upuan sa kanila, alam n'yo, kinakailangan nga sa labas.

At kinakailangan naming iiskedyul sa panahon na hindi umuulan at buhos talaga ang ulan. At dahil 'yung kaawa-awang mga tao na naroon . . . Nakita ko na noon ang mga kababaihan na naroon sila't 'yung buhok nila'y talagang basang-basa, maiinam ang pananamit, at talagang—talagang nagtitiyaga sa ulan na 'yun nang buong araw. Nananatili roon, at talagang buhos ang ulan, at kumukulog pa, at kumikidlat, at malakas ang hangin, at sila pa nga'y gumigiwang nang kabi-kabila sa isa't isa nang paganoon, naroon sila, naghihintay na lumapit ka para ipanalangin sila. Kita n'yo? Ngayon, alam n'yo na kinikilala ng Diyos ang pananampalataya na gaya nun. Kanya ngang kinikilala.

7 Kinakailangan n'yong gumawa ng isang bagay para kilalanin ng Diyos. Kita n'yo? Ipakita n'yo sa Kanya. Ang mga tao na ang lahat ng mayroon sila'y inaabot lang sa kanila nang ganoong kadali, kadalasan hindi sila. . . Hindi sila—hindi sila gumagawa ng anuman para rito, kita n'yo. Kinakailangan na kayo. . . Ang kaloob ay walang bayad, totoo naman 'yan, pero kinakailangan n'yong—n'yong. . .

8 Para ngang katulad ng, alam n'yo, gaya nung sinasabi nila, “Kung ipinanganak ka na may pilak na kutsara,” narinig n'yo na 'yun, “hindi ka nagpapahalaga.” Pero kapag trinatrabaho mo ito, pinahahalagahan mo ang halaga nito.

9 Ngayon kayo na mga nasa teyp diyan, nais ko nga na—na. . . Sa palagay ko ngayon ako. . .

Kaninang umaga, ang mensahe kaninang umaga, para sa akin, ay ang prominenteng mga bagay na Mensahe ng buo kong pagmimistryo; kaninang umaga, kita n'yo, isang prominenteng Mensahe ng buo kong pagmimistryo. Balang araw sasabihin ko sa inyo kung paano 'yun nabuo. At alam ko na ang lahat ng mga bagay ay kumikilos nang mga buwan at mga buwan at mga buwan, patugaygay sa isang Mensahe na 'yun, tumutugaygay paakyat sa isang dako na 'yun. Yun nga ang panahon ng pagtatakip nito, kita n'yo. At isa itong. . .

10 Ngayon nakakatiyak ako, o umaasa, na nakuha n'yo ang ibig sabihin ng Tanda. Kita n'yo? Ang Tanda'y ang tanda na ang Dugo'y ipinahid na. Na, ang halaga na hiniling, na hiningi ng Diyos, ay binayaran ni Jesus ang halaga sa pamamagitan ng pagbubo ng Sarili Niyang Dugo. Ginawa nga Niya 'yun. Pagkatapos, mula sa buhay Niya'y dumating ang Espiritu Santo. At kapag ipinahid sa inyo ang Dugo, ang Espiritu Santo'y isang Tanda na ang halaga n'yo ay binayaran na; tinanggap na kayo ng Diyos, at 'yun ang Tanda. Alalahanin n'yo, 'yun ang Tanda. Ngayon, maraming tao ang hindi ganoon, hindi nila—hindi nila alam kung ano ang Tanda, kita n'yo. At kinakailangan n'yong gawin ito halimbawa sa isang tao na di ito nalalaman, kita n'yo, para lahat sila'y makakuha nito.

11 Katulad ng pangangaral ng kaligtasan, kinakailangan nating ipangaral ang kaligtasan sa paraan na ang lahat, na ito'y para sa lahat, na, na alam naman natin na hindi. Kinakailangan nating mangaral ng Makalangit na pagpapagaling para sa lahat, gayong alam natin na hindi ito ganoon. Kita n'yo? Pumarito si Jesus para iligtas sila na nasa Aklat ng Pagtutubos bago pa itatag ang mundo. Sila yaong dahilan kaya dumating Siya. Kung sino sila, hindi ko alam. Kita n'yo? Pero kayo. . . Wala ngang magkakamit ng pananampalataya maliban na sabihin n'yo na ito'y para sa kaninuman; at ganoon nga ito, walang makalalapit maliban na sila'y tawagin ng Diyos. Yan ang totoo. Kaya maraming tao ang di maliligtas. Alam natin ang tungkol

diyan. Sila, buweno, alam na 'yan ng Diyos bago pa magpasimula ang mundo, na hindi sila maliligtas.

<sup>12</sup> Marami ang di gagaling, kita n'yo, marami ang di gagaling. Hindi nga nila magagawa, hindi nila ito mahahawakan. Hindi kasi nila alam kung ano ito. Marami ang magiging ganoon. Pero ipinapangaral natin na ito'y para sa lahat, dahil hindi natin alam kung sinu-sino ba; sadyang di natin alam. Pero 'yan nga'y kaninuman, pero may ilang tao na hindi talaga mahawak-hawakan ang pananampalataya na 'yun.

<sup>13</sup> Ngayon, haya't ganoon din 'yun sa Tanda na ito. Ang Tanda, nangusap tayo tungkol sa Tanda hanggang dulo, pero ngayon ang kahayagan ng Tanda. Kita n'yo?

<sup>14</sup> Ngayon, pinapahintulutan natin ito kung minsan. Pinahintulutan ito ng mga Lutheran, "Tanggapin ang Salita; tanggapin si Cristo bilang personal na Tagapagligtas." Ang sabi ng mga Methodist, "Kapag ikaw ay nagagalak nang sapat para makasigaw, 'yun Ito." Sinasabi naman ng Pentecostal, "Magsalita ka ng iba't ibang wika, hayan nga na nakamit mo Ito." At nalaman natin na ang lahat ng 'yan ay mali pala. Kita n'yo?

Ang Tanda ay yaong Tanda. Ito'y kayo at si Cristo bilang mga personang magkalakip. Kita n'yo? Ito'y ang Espiritu Santo, ang Buhay Niya ay nasa inyo, na pinakikilos ang Kanyang—Kanyang Sariling Buhay sa pamamagitan n'yo. At ito'y para sa mayayaman, sa mahihirap, o kaninuman na tatanggap Dito. Ngayon alalahanin n'yo, ang Tanda ay ang bagay na inyong . . .

<sup>15</sup> Pumunta kayo halimbawa sa isang kumpanya ng tren at bumili kayo ng pamasaha n'yo. May presyo, halaga. Sabihin natin na ang presyo ay limampung sentimo para sumakay sa linya na ito—na ito ng bus, o linya ng tren, mula rito papuntang—papuntang Charlestown, Indiana, na ang halaga'y limampung sentimo. Buweno, ngayon, namimigay ang kumpanya ng mga token na . . . Kita n'yo? Ngayon, ang bagay nga na gagawin n'yo, pupunta kayo roon at may bibili ng pamasaha n'yo, limampung sentimo. Bibigyan nila kayo ng token na magbibigay sa inyo ng karapatan sa tren na 'yun hanggang sa destinasyon nito, saanman ang biyahe ng tren. Kita n'yo? Binibigyan kayo ng . . . Yun nga ang token.

<sup>16</sup> Ngayon, sa kasong ito, 'yung dugo ang token. Sa literal, kinailangan itong ipahid, dahil ang mayroon lang sila noon ay ang kemistri, dahil ito noon ay dugo ng kordero, isang hayop, dugo ng kordero. Hayan nga na ang buhay na nasa dugo, ang buhay na inilabas, hayan nga na ang dugo'y binubo. Kita n'yo? Lumabas ang buhay, pero hindi 'yun maaaring bumaling pabalik sa mananampalataya, dahil 'yun ay isang hayop. Mangyari nga na rumerepresenta 'yun sa mabuting budhi, na may Isa na parating, na isang sakdal na Hain.

At, para gawin 'yun na sakdal na Isa, ang buong Hukom, ang Diyos ng Langit, ay naging Hain; ang Hukom, Hurado, at Abogado mismo. Kita n'yo? Siya'y naging Hain. At pagkatapos noong lumabas ang Kanyang Buhay, na Diyos. . . At ang salita para dun, nanggaling nga 'yun sa, "At ibibigay Ko sa kanila ang Buhay na Walang Hanggan." Ngayon, sa Griyego. . . Alam ko na kausap ko ang mga iskolar. May nakikita akong dalawa o tatlo. Kita n'yo? At ako. . . At ang salita sa Griyego roon, ay Zoe. Z-o-e, na sa Griyego, ang ibig sabihin, "Sariling Buhay ng Diyos." "At ibibigay Ko sa kanya ang Zoe, ang Sarili Kong Buhay." Si Cristo at Diyos ay Isa.

<sup>17</sup> Pagkatapos, ang Buhay na nakay Cristo ay ang Espiritu Santo, hindi ikatlong Persona; kundi siya ring Persona, sa anyo ng Espiritu Santo, na dumarako sa inyo, bilang isang Tanda na ang buhay n'yo at ang pamasaha n'yo ay binayaran na, kayo'y tinanggap na. Hanggang sa dumating ang tanda na 'yun, hindi kayo papayagan sa highway, hindi kayo papayagan sa. . . sa—sa linya ng bus; hindi kayo papayagan na pumasok hanggang sa maipakita n'yo ang tanda na ito, at ang tanda na 'yun ay ang pamasaha n'yo. At ngayon ipinapakita Nito na ang Dugo na nabubo at ipinahid sa inyo, ang halaga'y ipinahid na sa inyo, at kamit n'yo na ang Tanda na ang Dugo'y ipinahid na sa inyo at kayo'y tanggap na. Nakukuha n'yo na ba ito ngayon? Oh, grabe! Oh!

<sup>18</sup> Ngayon—ngayon, hindi nga kung anong partikular na katibayan. Kita n'yo? Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham," mararamdaman ko ang nasa mga isipan n'yo, kita n'yo, "paano ko malalaman?"

Tingnan n'yo, kung ano kayo noon, at kung ano kayo ngayon? Sa ganoong paraan n'yo ito malalaman. Kita n'yo? Ano ba kayo noon bago naipahid ang Tanda na ito? Ano na ba kayo matapos na ipahid Ito? Ano ba ang mga mithi n'yo noon, at ano na ba ang mga mithi n'yo pagkatapos? Pagkatapos nga'y malalaman n'yo kung ang Tanda ba'y ipinahid na o hindi pa. At itong ibang mga bagay ay awtomatikong lalakup Doon. Kita n'yo?

<sup>19</sup> Hindi nga ito—hindi nga ito parang 'yung binabanggit, at sinasabi, "Ang iba't ibang wika'y ang katibayan." Ngayon, ako'y kukuha, bibili ng pares ng sapatos, hindi 'yung dila ang sapatos. Kasama 'yun nung sapatos, kita n'yo. Kasama na 'yun sa sapatos. Kita n'yo? Ngayon, ganoon din ito sa Tanda. Ang Tanda ay si Cristo. Anupa't ang pagsasalita ng mga wika, at pagpapalayas ng mga demonyo, at ang paggawa ng mga bagay na 'yun, at pangangaral, at kung ano pa, ang mga 'yun ay katibayan na naroon Ito, totoo, pero hindi 'yun—hindi 'yun Ito. Kita n'yo, 'yun nga'y kaloob Nito. Kung sabihin ko sa inyo na. . .

<sup>20</sup> Sasabihin n'yo, "Nalulugod ako—ako sa'yo, Kapatid na Branham," at bibigyan ko kayo ng regalo, kita n'yo. Buweno,

hindi ako 'yun, 'yun nga'y regalo ko.

Ang mga wika'y kaloob ng Espiritu Santo, hindi ang Espiritu Santo; isang kaloob ng Espiritu Santo.

<sup>21</sup> At may kakayahan ang diyablo na gaya-gayahin ang anumang mga bagay na 'yun, pero hindi maaari na siya ang Espiritu Santo. Kita n'yo? Magagawa niyang gayahin ang mga kaloob, pero hindi maaari na siya'y magiging Espiritu Santo.

At ang Espiritu Santo ang Tanda na ang Dugo ay ipinahid, dahil sinusundan Nito ang Dugo mula roon mismo sa Aklat ng Pagtutubos. Nakikita n'yo ito? Yun ang dahilan ng Kanyang pagdating. Yun ang sinusundan Niya sa bawat kapanahunan. Bawat kapanahunan ay sinusundan Niya 'yun, para matiyak na Ito'y maipalabas, at hindi sila mapapaging sakdal nang wala tayo. At ngayon ang buong Espiritu Santo'y bumibisita sa Iglesya, na pinagiging laman ng tao ang Diyos; gaya ng ginawa Niya noon bago ang Sodoma, 'yung pagtupok doon, na isang tipo. Pagkatapos, si Abraham, nagpakita Siya sa kanya.

<sup>22</sup> At lahat ng mga bagay na hindi Niya ginawa sa mga kapanahunan, sa mga kapanahunan ng iglesya, Kanyang ginagawa ngayon. Ipinanunumbalik tayo sa Salita, dahil ang mga mensahe't mga mensahe't mga mensahe ay kinakailangan na tumugaygay sa buong Salita. At sa huling mga araw, ang Pitong Tatak yamang binuksan, ay pupulutin ang bawat tira na naiwan dito, at ibubunsod ang buong bagay na maging isang malaking katawan ng Nobya, na sila na namuhay noon ay di masasakdal hanggang sa ang Iglesyang ito'y masakdal, itong grupong Nobya sa huling mga araw, na maipasok sila, at ang lahat ay sama-samang aagawin paitaas. Kita n'yo?

<sup>23</sup> Ang Tanda, si Jesus Cristo, ang Espiritu Santo, ay nasa kalagitnaan natin. Dapat tayong magpitagan doon. Hindi nga natin—natin—natin—natin maipagpakumbaba nang lubos ang ating mga sarili. Hubarin ang inyong mga sapatos, o lumuhod, di ito mapapalabas; hindi ito—hindi ito malulugod, hindi tayo sasapat; kundi isang buhay na nagbubunga ng bunga ng Espiritu!

<sup>24</sup> Ngayon ano ang bunga ng Espiritu? Kita n'yo? Pag-ibig, kagalakan, kapayapaan.

<sup>25</sup> Naalala n'yo kaninang umaga? Paghahanda, ipinadala ang mensahero dala ang Mensahe. Ang kasunod na ginawa Niya, matapos Niyang ipadala ang mensahero dala ang Mensahe, ipinadala Niya ang Haliging Apoy para sa isang pagpapatibay. Ang kasunod, pagkatapos nun, ay isang konstela-. . .o konsolasyon. Kita n'yo? Tiyak kayo na tama 'yun, kayo'y nasa kapahingahan. Tayo'y may kapayapaan sa Diyos, sa pamamagitan ng Panginoong Jesus Cristo. Kita n'yo?

<sup>26</sup> Ngayong gabi tayo'y mananalangin para sa mga maysakit, at sa palagay ko magpapakomunyon sila. Magkakaroon ba

kayo—ba kayo ng pagbabautismo, gawain ng pagbabautismo? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Hindi.”—Pat.] Komunyong lang, komunyong. At nais namin na manatili kayo para sa komunyong.

27 At sa loob ng—sa loob ng tatlumpu’t limang minuto o apatnapung minuto ay sisikapin natin na matapos at makapaghanda para sa komunyong. At ngayon, bukas ay Araw ng Manggagawa, kaya medyo makakapahinga kayo. Ngayon, ngayon sinasabi kong ’yan ang mga balak natin, kita n’yo. Hindi natin alam ang oras. Nais ko lang siguraduhin ’yan.

28 Ngayon, kaninang umaga nabanggit ko sa inyo, yamang di ko kayo nakakasama, sa—sa palagay ko nagkaroon uli tayo ng dalawa- o tatlong-oras na Pagmemensahe kaninang umaga. Pero—pero ako—ako po’y nagpapasimula pa lang, at naisip ko na ituloy ’yun para sa gabing ito, pero napakalawak lang po. Hindi ko alam kung nakuha ba ’yun ng mga tao o hindi. Umaasa ako na nakuha nila, sa lahat ng dako. Haya’t umaasa ako na nagawan ng maiinam na teyp ’yun, para maipakalat mismo, para maipaalam, na naniniwala ako, na sa lahat ng Mensahe na aking inihatid, ay ’yun nga’y ganap na itinatag ng Diyos, maliban pa sa . . . Siyempre pa, ang regular na atas, gaya nung Pitong Tatak at mga bagay-bagay, na direktang Salita mismo ng Diyos. Ang tinutukoy ko nga’y Mensahe na ipinapangaral; naniniwala ako na ’yun nga ’yun, kita n’yo, na—na, ’yun nga ’yung kinakailangan na sumunod sa Pitong Tatak.

29 Ngayon tingnan n’yo kung anong kasunod pagkatapos ng Pitong Tatak: ang pagkakaisa ng mga tao, nagkakaisang mga tanda, ang pagkislap ng pulang ilaw sa huling mga araw, ang tanda na ang mga kababaihan ay mas rumirikit, at ang lalaki, kung anong gagawin nila. Lahat ng mga tandang ito ng pagtugaygay tungo sa Espiritu Santo, pagkatapos babaling pabalik dito sa pagtatakip ng lahat ng Mensaheng ’yun mula sa Pitong Tatak. May pagtatakip sa isang bagay na ito, ang Tanda, na tayo’y maayos, kita n’yo, haya’t suriin lamang ang ating mga sarili at tingnan kung tayo’y nasa Pananampalataya.

30 Ngayon, pagpalain kayo ng Panginoon. At ngayon bago natin—bago natin buklatin ang Biblia, para manalangin para sa mga maysakit. . . Tinanong natin kaninang umaga, ilan ang ipinanalangin noong nakaraang Linggo ng gabi, na—na—na gumaling, na pinagaling na nitong sanlinggong ito, at halos lahat dito’y nagtaas ng kanilang kamay, na nasa pagtitipon noong nakaraang Linggo ng gabi. Ngayon, isang bagay nga ’yun, nauunawaan n’yo. Isang bagay ’yun na . . . Yun, akin ngang hinahagip ito sa ganang sarili ko.

31 May munting batang lalaki, na ang sabi, nanggaling ng Chicago, isang munting Gng. . . Ang babae po, Peckinpough, Peck- . . . Gng. Peckinpough mula—mula. . . Isa po siyang napakainam na Cristianong kapatid na babae. At may dinala

siya, isang—isang bata, sa pagkakaunawa ko, isang munting batang lalaki o kung ano, na—na ang . . . hindi malaman ng mga doktor kung anong problema sa batang ito. Sobrang lala na ng kanyang mga baga, o kung ano, na—na wala silang magawa . . . hindi nila mapapasok sa paaralan 'yung bata o kung ano. Sobra, sobra niyang lala. At ang sabi, ang Espiritu Santo pagkatapos na pagkatapos mismo nung Mensahe, ay nangusap sa munting batang lalaki na 'yun, at tinawag siya, sinabi sa kanya ang mga kalagayan niya at kung ano pa, at nagdeklara ng kagalangan niya.

At itong sanlinggong ito nagtungo siya, ang nanay o ang mga magulang, o sinuman, dinala siya pabalik sa doktor, at ang sabi ng doktor ay nagkaroon daw ang bata ng bagong pares ng baga, kita n'yo, bagong pares daw ng mga baga. At sa pagkakaunawa ko, haya't 'yung—'yung mga magulang o kung sino ay tumawag sa telepono sa malayo, o kung ano, para ipaalam sa kongregasyon. Kita n'yo? Ngayon, ang Diyos, ang Maylalang, ay kayang makagawa ng pares ng mga baga.

<sup>32</sup> Ako—ako nga'y tunay na naniniwala na nasa—nasa abot na tayo ng isa sa pinaka makapangyarihang bagay na tumama sa lupa mula noong mga araw ng Panginoong Jesus. Kita n'yo? Kita n'yo? Pero ngayon makikilala lamang tayo bilang . . . Ito nga'y magiging lubos na mababa. Kita n'yo? Kita n'yo, ang bagay na tinatawag ng tao na *makapangyarihan*, tinatawag ng Diyos na “kasuklam-suklam.” Pero ang bagay na tinatawag ng tao na *kamangmangan*, tinatawag ng Diyos na “makapangyarihan.” Kita n'yo? Kaya ngayon matyagan n'yo ito, kita n'yo, ito nga'y magiging napakababa na hindi n'yo mapapalampas . . . na mapapalampas n'yo ito kung wala kayo nung Tanda roon para suriin ito, kita n'yo. Kita n'yo?

<sup>33</sup> Sinong makapag-iisip na ang mga bundok ay lulundag na parang maliliit na mga tupa, at ang mga dahon ay ipinapalampak ang kanilang mga kamay, kapag ang isang propeta'y lumabas mula sa ilang; na ipinangusap ni Isias, labindalawang-daan . . . o pitong-daan at labindalawang taon bago pa mangyari. Balbasarado ang buong mukha, at nakasuot ng balat ng tupa, wala nga ni pulpito para makapangaral, itiniwalag mula sa lahat na mga simbahan, at nakatayo sa pampang ng Jordan, na sumisigaw, “Mangagsisi kayo!” At tinawag ang mga tao na sambunton na mga “ulupong,” mga ahas. Pero 'yun mismo ang sinabi ng Diyos, na sa pagdating Niya, “ang mga bundok ay lulundag na parang maliliit na tupa.” Kita n'yo? Nakita 'yun ng mga mabababa't sila'y nagalak.

<sup>34</sup> Papaano nila mapag-uunawa na ang isang . . . ang dakilang Mesiyas, na iprinopropesiya mula sa pinakasimula ng Aklat, sa Genesis, na Siya'y darating, na isang Tagapagligtas? Lahat ng mga hain, at lahat ng mga propeta, at ang lahat ng bagay ay tumuturo sa Kanya. At pagkatapos noong pagdating Niya,



na ang usap-usapan ay ilehitimo ang kapanganakan; sa isang tatay na di man lang ikinasal sa Kanyang nanay, ganoon nga ang usap-usapan. Kita n'yo? At nasumpungan ang babae na nagdadala na raw ng isang sanggol bago pa sila ikinasal. At dumating Siya nang ganoon, at ipinanganak sa isang—sa isang munting. . . Buweno, ang sinasabi'y isang kuwadra, sa Biblia. Pero ang kuwadra noong panahon nila ay isang kuweba doon sa likod ng—sa likod ng pader. Nakakita na ako ng ganoong lugar sa Arizona isang beses, habang nangangaso. May kuwadra na tago't nasa ilalim ng siwang ng mga bato. At sa ganoong paraan isinilang si Jesus, doon sa munting talampas-na-kuwadra sa isang sabsaban ng kumpay at dayami, sa isang kamalig ng baka, kita n'yo, kung saan naroon ang mga hayop.

<sup>35</sup> At pinalaki na isang karpinterong Lingkod, at papaano nga na Yun ang makapangyarihang Jehovah? Pero Ito nga, kita n'yo. Ito nga. Kita n'yo? Lubos na kakaibang Tao mismo. Pero, oh, noong Siya'y isang Binatilyo pa lang, Kanyang ginulat ang mga saserdote sa pamamagitan ng pagkaalam sa Salita na 'yun. Dahil bakit? Siya ang Salita. Kita n'yo? Siya ang Salita.

Hindi Siya kailanman sumulat ng isang aklat. Hindi Siya kailanman sumulat maski isang—hindi Siya sumulat maski isang salita. Ang tanging salita na isinulat Niya, sa palagay ko, Kanya pa nga mismong binura, sa—sa buhangin, noong may dinalang babae roon na nangalunya. Hindi Siya kailanman sumulat maski isang salita. Bakit? Siya ang Salita. Kita n'yo? Siya ang Salita. Hindi Niya kailangan isulat Ito; ipinamuhay Ito ng buhay Niya. Siya ang Salita. Kung Siya. . . “Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung ganoon ay huwag ninyo Akong sampalatayanan.” Kita n'yo? “Kung hindi Ko mismo ginagawa ang sinasabi ng Salita na gagawin Ko, kung ganoon hindi Ako ang Salita. Pero kung . . .” Yun nga ang ibig Niyang sabihin. Siya ang Salita.

<sup>36</sup> Kaya ngayon ihanda n'yo ang inyong sarili ngayon para sa—sa parating na gawain ng pagpapagaling at komunyong. Ikagagalak namin na manatili kayo kasama namin kung magagawa n'yo. Kung hindi naman, tayo nga'y magpapauwi agad-agad.

<sup>37</sup> At huwag n'yong kalimutan, ipanalangin n'yo ako at ipanalangin ang maybahay ko, ang pinaka kalugud-lugod na babae sa buong mundo, at—at sa aking mga anak din. At ngayon aking inaangkin sila, bawat isa, para sa Panginoong Jesus.

<sup>38</sup> Ngayon, si Becky po'y nasa edad na ng munting Ricketta, alam n'yo, at haya't isang—isang munting teen-annie na, gaya ng tawag natin dito. At mangyari nga na nasa ganyang edad na siya. Pero, ngayon, siya'y isang napaka kalugud-lugod na kabataang babae, at ako'y—ako'y nagpapasalamat sa Panginoon para riyang; hindi naninigarilyo, hindi umiinom ng alak, hindi

naglilimayon, hindi nga. Pero nandiyan nga siya sa edad na 'yan, siya'y—siya'y di nababahala. Ayaw niyang magsimba, at, kung magpupunta naman siya, nauupo siya roon sa likod at ngumunguya ng chewing gum, tatayo at lalakad palabas. Yan nga, kita n'yo. Nais kong mapuspos siya ng Espiritu Santo.

<sup>39</sup> Nais kong makita si Joseph, nais kong ang batang lalaki na 'yun. . . Naniniwala ako na balang araw kapag hindi na ako nakakalakad papunta sa pulpito, nais kong kunin itong gula-gulanit nang Biblia't iabot sa kanya, sabihin, “Joseph, manatili ka Rito, anak.” Pagkatapos ako'y handa nang pumaitaas. Nais kong makarinig ng ihip ng hangin sa kung saan, tumingala, ikaway ang kamay ko, pumaitaas na.

Manalangin tayo.

<sup>40</sup> Diyos Ama, ang buo naming buhay ay nakabalot Doon, dahil Ito'y Ikaw, at Ikaw po ang aming Buhay. Ngayon mayroon po rito, Panginoon, na—na hawak-hawak itong Tanda na aking ipinangusap. Kamit-kamit nila ang Tanda na 'yun, at sa kabila nun ay may sakit sila. At nais kong mangusap sa gabing ito tungkol sa pagbibigay sa kanila ng lakas ng loob, para—para hikayatin sila na gamitin ang mga karapatan na 'yun na bigay ng Diyos. Mayroon silang karapatan para talunin ang diyablo. Siya'y talunan na, at siya'y nananakot lang sa kanila. Akin silang inaangkin, Ama.

<sup>41</sup> Ngayon Iyo pong tulungan ako na ipangusap ang Salita. Ikaw po'y mangusap sa pamamagitan ko, Panginoon, kalakip ang ilang tala na isinulat ko rito, at munting Mga Kasulatan na isinulat. Dalangin ko na Iyong tutulungan ako, Panginoon, at lumukob sa Salita at bigyan sila ng pananampalataya para sa kaluwalhatian ng Diyos. Sa Pangalan ni Jesus ako'y dumadalangin. Amen.

<sup>42</sup> Nang madalian, nais kong bumuklat kayo sa Biblia sa Aklat ng Jeremias at sa ika-29 na kabanata, kung nais n'yong basahin. O, kung hindi naman, markahan n'yo lang. Jeremias, sa ika-29 na kabanata. At sasimulan natin sa ika-10 talata ng Jeremias, sa ika-10 talata ng ika-29 na kabanata. Gayundin, magbabasa rin tayo mula sa Lucas, sa ika-16 na kabanata, simula sa ika-14 na talata.

<sup>43</sup> Ngayon ibibigay ko sa inyo ang teksto ko, habang kayo'y—kayo'y—kayo'y bumubuklat. Ang teksto ko sa gabing ito ay *Mga Desperasyon*. At aking . . . Desperasyon, at, ngayon, alam n'yo na kung ano ang mga desperasyon.

At ngayon babasa tayo mula sa Jeremias sa ika-29 na kabanata, sa ika-10 talata.

*Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON, Pagkatapos na maganap ang pitong pung taon sa Babilonia, aking dadalawin kayo, at aking tutuparin ang aking mabuting salita sa inyo, sa pagpapabalik sa inyo sa dakong ito.*

*Sapagka't nalalaman ko ang mga pag-iisip na aking iniisip sa inyo. . . (Hindi ba't kaysarap nun?) . . . sabi ng PANGINOON, gayong mga pag-iisip tungkol sa kapayapaan, at hindi tungkol sa kasamaan, upang bigyan kayo ng katanggap-tanggap na wakas.*

*At kayo'y magsisitawag sa akin, at kayo'y magsisiyaon at magsisidalangin sa akin, at aking didinggin kayo.*

*At inyong hahanapin ako, at masusumpungan ako, pagka inyong sisiyasatin ako ng inyong buong puso.*

*At ako'y masusumpungan sa inyo, sabi ng PANGINOON: at aking ibabalik uli kayo na mula sa inyong pagkabihag, at aking pipisanin kayo mula sa lahat. . . ng bansa, at mula sa lahat ng dako na akin ngang pinagtabuyan sa inyo, sabi ng PANGINOON; at. . . ibabalik kayo uli sa—sa dakong mula sa aking pinagdalong bihag sa inyo. Pabalik sa pentecostes!*

Isiningit ko 'yun, hayan nga. Hindi ganoon ang pagkakasabi dun. Yan po ang ipinapahiwatig ko sa Iglesya.

Lucas 16, simulan natin sa ika-15 talata, o sa ika-16 na talata.

*Ang kautusan at ang mga propeta ay nanatili hanggang kay Juan: mula noo'y ang evangelio ng kaharian ng Dios ay ipinangangaral, at ang bawa't tao ay pumapasok doon na nagpipilit.*

“Bawat tao'y pumapasok Dito na nagpipilit.” Hindi basta lang lumakad papunta Rito, nang pahapay-hapay, pero Ito nga'y kinakailangan na may pagpupursige. Kita n'yo? Ngayon, “Kung sisiyasatin ninyo Ako nang inyong buong puso, ay Ako'y masusumpungan.”

<sup>44</sup> At ipinangako Niya na ibabalik Niya't dadalhin ang bayan, na nagkalat sa buong mundo, matapos ang pitumpung taon, pabalik sa Jerusalem kung saan sila umalis noon; at ginawa nga Niya sa paraan na 'yun. Ganoon nga.

<sup>45</sup> At ngayon mangungusap tayo tungkol sa—tungkol sa *Mga Desperasyon* pansumandali ngayon. Kadalasan, kinakailangan pang umabot sa gipit na gipit na kalagayan, para ibunsod tayo sa desperasyon. Kita n'yo? Nakakalungkot na kinakailangang umabot sa ganoon, pero ang mga tao kasi'y batugan sa kanilang pag-iisip, na kinakailangan pa ng kagipitan. Kapag may bagay na lilitaw, at kapag sila nga, hayan nga na ibubunsod sila nito—nito sa desperasyon na 'yun. At ang nangyayari nga, sa nangyayari sa kanila sa desperasyon na 'yun, pinapalabas nito ang tunay na bagay kung ano kayo. Ipinapakita nito kung ano talaga ang bumubuo sa inyo, sa panahon ng desperasyon. Kadalasan ay pinalalabas nito ang lahat ng mabubuting bagay mula sa inyo.

46 Sa panahon ng kamatayan, naririnig ko na kapag ang tao'y alam nilang mamamatay na sila, 'yung mga bagay na itinatago nilang lihim sa buong buhay nila, sila, sa desperasyon, kanilang sinisikap na ipagtapat ito. Kita n'yo? At sinisikap, "Kunin mo 'yung *ganito* at iwasto; puntahan mo, kung maaari; puntahan, gawin mo," kita n'yo, sa desperasyon. Dapat nga sana'y ginawa na nila 'yung noong una pa lang, kita n'yo, hindi hintayin pa 'yung oras na gipit na gipit na sila. "Maaari mo bang gawin 'yung *ganito-at-ganoon* para sa akin?" Nagbubunsod ng desperasyon ang kagipitan. Gayong, dapat ay ginagawa na natin 'yun nang wala pa 'yung kagipitan.

47 Ngayon, napansin natin, ngayong gabi, na kinukuha natin ang mga sagisag ng Paskwa. At ang Paskwa'y isinagawa noong panahon ng kagipitan, sa oras ng desperasyon. Napansin n'yo sa—sa Exodo sa ika-12 kabanata, at sa ika-11 talata ng ika-12 kabanata, sa palagay ko nga, sinasabi roon, "Kainin ninyo ang Paskwa nang may sapatos sa inyong mga paa, na nakabigkis ang inyong balakang, at may tungkod sa inyong kamay," kita n'yo, kinakain n'yo 'yun sa desperasyon.

48 Nasaksihan nila ang dakilang kamay ng Diyos. Nasaksihan nila ang lahat ng Kanyang mga himala, at pagkatapos sumailalim sila sa marka nung Tanda. At habang nasa ilalim sila nung marka nung Tanda, sila'y kumain ng komunyong sa—sa desperasyon, dahil nalalaman nila na sa oras na 'yun ay nakahanda na ang Diyos na ihaplit ang kahatulan.

49 At panahon 'yun ng pagliliglig. Panahon 'yun na ang bawat isa'y sinisiyasat ang kanyang sarili, dahil ang Salita ng propeta ay di nabigo maski isang beses. Pinatunayan 'yun na totoo. Anumang sinabi niya, nangyari 'yun nang eksakto sa paraan na sinabi niya ito. Ang Haliging Apoy ay naroon pa rin. At, pagkatapos, inanunsyo ng propeta na ang Diyos ay lalampas lamang kapag nakita Niya ang tanda sa may pintuan. At panahon 'yun ng desperasyon.

50 Nakikinita ko ang mga bata na . . . noong makita nila 'yung malaki't, itim na mga pakpak na bumaba mula sa alapaap na parang usok na bumababa sa ibabaw ng siyudad, ang mga sigaw ay pumapalahaw sa bahay-bahay, marahil ang mga bata'y pumunta sa kanilang tatay at nagsabi, "Tatay, sigurado po ba kayo na nasa ilalim tayo nung tanda na 'yun?"

At lalapit nga siya roon sa may pintuan, sisilipin 'yung poste, 'yung itaas ng pinto, sasabihin, "Anak, batay 'yan sa Kanyang Salita."

"Alalahanin n'yo po, ako ang pinaka panganay mong anak. Tatay, siguradong-sigurado po ba kayo?"

51 "Siguradong-sigurado ako! Batay 'yan sa sinabi sa atin ng propeta, at nasa kanya ang Salita ng Panginoon. Ang sabi, 'Kapag nakita Ko ang dugo, Akin kayong lalampasan. Kumuha

kayo ng kordero para sa sambahayan.' Tinipon ko lahat kayo na mga anak sa loob. Ikaw ang panganay ko, anupa't una kong anak. Yun nga ang nangangamatay roon sa labas; pero *hayan* ang dugo. Yan ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON mismo. Kaya huminahon ka, anak ko, huminahon ka lang, dahil ang Diyos ang nangako. Kita mo?"

"Buweno, Tatay, bakit po nakasuot ang sapatos n'yo? Bakit po may hawak kayong tungkod? Bakit po may piraso kayo ng tinapay sa isang kamay at kordero naman sa kabila? Bakit may mapapait na gulay at mga bagay-bagay? Bakit n'yo po kinakain 'yun? Ano po 'yang pawis na tumutulo sa inyong mukha?"

"Anak, nakahanda nang humaplit ang kamatayan." Kita n'yo, panahon 'yun noon ng desperasyon.

<sup>52</sup> Ngayon, naniniwala ako na namumuhay tayo sa panahon na tayo'y . . . O, sa madaling sabi, ang mga araw na kinabubuhayan natin ay magbubunsod sa Iglesia na pumasok sa ganap na desperasyon. Naniniwala ako, mula noong mensahe kaninang umaga mula sa Diyos, hindi ako, naniniwala ako na mariing ibubunsod nun ang buong kongregasyon mismo sa desperasyon, na tayo nga'y nagpahapay-hapay nang masyadong mahaba na. Dumadalo tayo sa iglesia nang mahaba-haba na. Kinakailangan nating gumawa ng isang bagay.

<sup>53</sup> Papaanong nakikita natin ang ibang dakilang mga tanda't mga kababalaghan na ginagawa sa iba, haya't paano naman 'yung sa atin? Dapat ngang magbunsod 'yun sa atin ng kalagayan ng desperasyon, na tayo'y determinado, sa harap ng Diyos. Dapat ngang ibunsod ng mga tanda ng Kanyang Pagparito ang buong kongregasyon, yamang nababasa natin ito mula sa Salita . . . Sinasabi sa atin ng Espiritu Santo, "Magtungo sa ganitong lugar, *ganito-at-ganoong* bagay ang mangyayari," hindi sa atin sasabihin kung ano 'yun, kundi ito'y mangyayari mismo. Nagpupunta tayo roon, at nangyayari nga sa ganoong paraan. Ibinabalita sa mga diyaryo, nakalathala sa mga magasin, ipinapakita pa ang litrato nito. Babaling dito pabalik at makikita ang dakilang mga hiwaga na 'yun, na nakatago sa Biblia, bubuksan sa atin, sa isang bagong larangan na hindi pa natin kailanman nalalaman noon, at ganap na ilalaki 'yun sa Pagparito ng Panginoong Jesus.

<sup>54</sup> Pagkatapos, sa dulo ng mga Mensahe, nakikita natin ang pagkilos ng dakilang Espiritu Santo, nakikita natin Siya na kitang-kita sa harap ng mga tao, nakuhanan pa nga Ito ng litrato. Saksi tayo sa pagkilos Nito at ipinapakita na hindi ito sa ganang isang tao, hindi ito sa ganang isang mangangaral, hindi ito sa ganang isang partikular na kongregasyon. Ang Espiritu Santo Ito na nagpapakita ng siya ring bagay na ginawa Nito noong Ito'y nakalangkap sa katawan ni Jesus Cristo. Ngayon

Ito'y nakalangkap sa Katawan ng Kanyang Nobya. Dapat ngang mariin tayong ibunsod nito sa desperasyon.

<sup>55</sup> Nakita ng mga taong 'yun ang kamay ng Diyos. At noong gabi na 'yun ng komunyong, sila'y sumalo dun . . . sa desperasyon, dahil alam nila na may bagay na napipintong mangyari. At alam natin na may bagay na napipintong mangyari. At alalahanin n'yo, ang Pagparito ng Panginoon ay magiging biglaan, na lihim na pag-alis. Darating Siya at kukunin ang Nobya na parang isang magnanakaw sa gabi. At ang isipin na may mga tao, na bigla na lang, na may mga miyembro ng ating pamilya ang mawawala, at kayo'y naiwan! Mariin nga dapat tayong ibunsod nun sa desperasyon, na, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ay hindi tayo maiwanan. "Kung may bagay na di ko nais . . . Huwag, huwag Mo po akong iwan, Panginoon."

<sup>56</sup> Mga ilang araw ang nakararaan napapakinggan ko si Mel Johnson na inaawit ang awiting 'yun:

Alalahanin Mo ako kapag ang mga luha'y  
pumapatak, oo  
Alalahanin Mo kapag ang mga kaibiga'y wala  
sa palibot  
At sa pagtawid ko sa ilog ng Jordan na ito  
Kapag ang listaha'y Iyong tinatawag na,  
alalahanin Mo ako.

<sup>57</sup> At sa Aklat ng Buhay ng Cordero, nais kong nakasulat ang pangalan ko. Nais kong alalahanin Niya ko kapag tinatawag na ang listahan. At mariin akong ibubunsod nun sa desperasyon, na 'yun nga'y, gaya ng sinabi ni Pablo, "Matapos na ipangaral ko ang Ebanghelyo ako ba'y magiging—magiging palaboy, ako ba'y magiging—magiging itinaboy?" Maaari ngang mangyari. Kaya mariin akong ibubunsod nito sa yugto ng desperasyon, desperasyon, na magbulay, matapos ang lahat ng mga taon na ito ng pangangaral, na ako ba'y—magagawa ko kaya . . . na humantong sa isang kalagayan na bibiguin ko Siya? Ano ang kasunod na kilos? Ano ang dapat gawin ko kasunod? At mariin nga akong ibinubunsod nun sa yugto ng pagkanerbiyos. At anong magagawa ko? Iububunsod nga ako nun sa mga bundok at sa mga lambak. At ang hirap, dahil, kapag nasa piling ako ng mga tao, kinakailangan kong maging lahat ng mga bagay sa lahat ng mga tao, para maakay ko ang ilan patungo kay Cristo, na hayan ang Tanda na laging nasa unahan ko. Kita n'yo?

<sup>58</sup> At nakikita ko ang mga bagay na paparating, at hindi mo masabi sa mga tao. Nakakakita ka ng iba't ibang bagay, at pinipigil ka. Yung mga pangitain na ibinunsod para sa kanila, at kung minsan sila'y nalulungkot kapag sasabihin mo sa kanila, at mas alam mo kaysa gawin 'yun. At kapag sumusuong ka nang malalim sa mga pangitain hanggang sa ang lahat ng bagay ay nagiging isang pangitain, at ibinubunsod ka nga nun sa yugto

ng pagkanerbiyos. Titingin ka—titingin ka't sasabihin, “Ngayon ako ba'y nasa isang pangitain?” Gaya na lang ng mauupo rito, “Pangitain ba ito? Saan ba talaga ako nakatayo?” Kita n'yo, nasosobrahan ka—nasosobrahan ka sa kakaisip, nasosobrahan ka sa pag-aalala. At nalalaman mo ang mga bagay-bagay tungkol sa mga tao na hindi mo gusto sanang malaman. Mga tao na naghahangad ng mga bagay na ito, para malaman ang mga bagay na ito, hindi nila napagtatanto kung anong kalakip ng mga ganoong uri ng pagmimistryo. Hindi n'yo alam kung anong kalakip nun. Mangyari nga na mariing nagbubunsod sa desperasyon, “Panginoong Diyos, alam ko na kinakailangan ko pong sumagot.”

<sup>59</sup> Sinabi sa akin ni Jack Moore nang isang beses, “Ayaw ko talagang managot gaya mo, sa Araw ng Paghatol.” Sabi, “Inilagay ng Diyos ang mga taong ito sa iyong mga kamay, at kinakailangan mong panagutan ang bawat isa sa kanila. Kinakailangan mong managot ukol sa iyong pagmimistryo.” Yan po'y labinlimang taon na ang nakalilipas, o marahil labingwalo pa nga. At mula noon, ako nga'y nasa desperasyon. Anong gagawin ko?

“Iyo pong ibunsod na sabihin ko lamang ang sinasabi Mo, Panginoon. Iyo pong ibunsod na sabihin ko sa kanila kung ano ang Katotohanan, o huwag na lang magsabi ng anuman.” Mariin nga akong ibinubunsod nito sa desperasyon.

<sup>60</sup> Pagkatapos nakikita ang mga tanda na ito na dumarating, nakikita ang Espiritu Santo na inilalabas tayo roon, at hatid-hatid itong Mga Tatak, at ilalatag ang mga ito nang paganoon. Dala-dala ang Mga Kapanahunan ng Iglesya at ilalatag ang mga ito, tapos bababa sa isang malaking Haliging Apoy roon, at—at inihayag ang Kanyang Sarili. Pagkatapos bababa sa kasunod na bagay, sa Pitong Tatak, at inihayag ito. Mangyari pa nga na pinalathala sa mga diyaryo't mga magasin. Pagkatapos papasok at dadalhin ang mga anghel ng Diyos, sila na pitong anghel dala ang pitong Mensahe, at pagtitibayin ito nang eksakto sa kung ano ang sinabi ng Biblia. Pagkatapos, sa panahon na 'yan, darating at ihahatid ang Mga Tatak... ang mga tanda na 'yun, na mga kislap ng huling panahon, at ihahatid ito sa mga tao at sasabihin sa kanila kung ano ito, at lahat ng tungkol dito, at kumikilos ang Panginoon doon mismo na ipinapakita ang Kanyang Sarili na naroon. At pagkatapos, kagaya ngayong umaga, pupunta at hihingin ang Tanda na 'yun sa bawat tao. Pagkatapos, kayo'y mga tao ko. Kayo yaong minamahal ko, ang mga narito at sila na mga nakikinig sa mga teyp, at kung ano pa. Kaya makikita n'yo kung saan ako ibinubunsod ng desperasyon.

<sup>61</sup> Desperasyon. Dapat ngang ibunsod ng mga tanda ng Kanyang Pagdating ang bawat bahagi ni Cristo tungo sa desperasyon ngayon, ukol sa ating mga kaluluwa, ukol sa ating—ating—ating kapakanan sa hinaharap. Buweno, saan tayo

hahantong kung makuha man natin ang buong mundo? Ano tayo, para saan tayo nabubuhay? Para saan pa't nagtrabaho ka? Para saan pa't kumakain ka? Para saan pa't nagsisikap ka? Para mabuhay. Para saan kayo nabubuhay? Para mamatay. At hindi kayo karapat-dapat na mabuhay hanggang sa karapat-dapat kayong mamatay. Tootoo 'yan.

<sup>62</sup> At saksi na tayo sa napakaraming mga himala ng pagpapagaling, dapat ngang ibunsod tayo nun sa desperasyon.

<sup>63</sup> Kung ang munting batang lalaki na 'yun... Si Gng. Peckinpaugh ba itong tinitingnan ko ngayon? Si Gng. Peckinpaugh ba ito? Kayo po ba 'yung nagdala nung batang lalaki rito, kayo ba o iba? Buweno, narito nga ang babae na nakaupo rito na ikinukuwento ko kanina. Bumaling lang ako't nakita siya.

<sup>64</sup> Ngayon kung kayang gawin 'yun ng Diyos para sa munting batang lalaki, marapat lang na mariing ibunsod kayo nun sa desperasyon.

<sup>65</sup> May isang lalaki na taga-New Albany, marahil nandito siya ngayong gabi. Kaibigan siya ng aking Kapatid na Roberson. May munting anak na lalaki siya rito. Sa palagay ko may kanser ang maybahay niya noon at pinagaling na. At—at ngayon, 'yung munting batang lalaki'y may hika na malubha na talagang di maganda ang pakiramdam niya. Yung bata pong lalaki'y, halos magkakanser na sa lalamunan, mismo. Kita n'yo? At pagkatapos dinala niya ang munting batang lalaki, hayan nga, nakikita ko ang kamay niya na nakataas diyan sa likod, sa likod diyan, mangyari po na ipinanalangin kaninang umaga, kita n'yo.

<sup>66</sup> Desperasyon! Noong panahon na ang maybahay niya'y mamamatay na noon sa kanser, batid niya na kaya ng Diyos na pagalingin ang maybahay niya. At kung kaya ng Diyos na pagalingin ang maybahay niya, kaya rin ng Diyos na pagalingin ang batang lalaki. At inilalagay nga nito ito sa desperasyon. Kita n'yo? Kinakailangan n'yong dumulog; at kapag kayo'y desperado, hayan nga ang Diyos na makikinig sa inyo. Pero kung kayo'y pahapay-hapay, na wala lang sa inyo kung gagawin ba Niya o hindi, buweno, hayan nga na iba na 'yan. Sinasabi n'yo na kayo nga, pero kinakailangan nga ng desperasyon para gawin ito.

<sup>67</sup> Naniniwala ako na ang dahilan kung bakit wala tayong desperasyon ay dahil sa kakulangan ng pag-ibig, ng Diyos, pag-ibig na galing sa Diyos. Sa palagay ko ang pag-ibig ng Diyos ay nagbubunsod ng desperasyon. Kung ang Diyos ay nasa inyo, ang Tanda ay nasa kaibuturan n'yo, at makikita n'yo ang mga kalagayan ng panahon, at ang mga tao'y sadlak na sadlak na sa kasalanan gaya nga ng kalagayan nila, 'yan nga'y mariing magbubunsod sa inyo sa desperasyon. Naniniwala ako na ganoon nga.



68 Ngayon tahasang sinasabi ng Salita, sige't kung gusto n'yo itong isulat, nasa Mga Taga-Galacia 5:6, na, "Pananampalataya na gumagawa sa pamamagitan ng pag-ibig." Kita n'yo? "Pananampalataya na gumagawa sa pamamagitan ng pag-ibig." At ang tanging paraan para magkamit ng pananampalataya, ay magkaroon muna ng pag-ibig. Dahil, kung tutuusin, pananampalataya ang bunsod ng pag-ibig. Bunsod, 'yun mismo kung ano—kung ano ang pananampalataya. Ito'y bunsod ng pag-ibig. Ngayon, kayo, kung wala kayong pag-ibig sa inyo, hindi kayo maaaring magkaroon ng pananampalataya. Kita n'yo?

69 Papaano ka magkakaroon ng paniniwala sa asawa mo kung hindi mo siya iniibig? Yan nga'y *phileo* pa nga. Ngayon papaano pa kaya sa *agapao*, sa Diyos? Papaano nga 'yun kung hindi n'yo iniibig ang Diyos?

Kung sinasabi mo na mahal mo ang asawa mo, at hindi mo naman ito sinasabi sa kanya, at hindi nauupo at para ipakita ang pagmamahal na ito sa kanya, iparamdam ito sa kanya, halikan siya, yakapin siya, at sabihin sa kanya na siya ang pinaka magaling magluto sa bansa, lahat ng mga bagay na ito na nalalaman mo, at kung gaanong kaganda siya, at kung gaano ang pagmamahal mo sa kanya; kung hindi mo ginagawa ang ganoon, hindi niya kailanman malalaman. Ganoon dapat. Kung mahal mo siya, iparamdam mo.

70 Ganoon ang dapat nating gawin sa Diyos. Yamang iniibig natin Siya, sabihin natin sa Kanya ang tungkol dito. Maupo tayo at pakaibigin Siya, at sambahin Siya. At, kita n'yo, pag-ibig ang nagtutulak sa atin na gawin 'yun.

71 Ngayon ano kaya kung may bagay na dapat gawin sa iyong maybahay? Aba, ibubunsod ka nga nito sa desperasyon para magawa 'yun sa kanya. Ano kaya kung may magsabi na may kanser ang maybahay mo? Ano kaya kung may magsabi na ang maybahay mo—maybahay mo ay may TB, at malapit na siyang mamatay? Mangyari nga, na ikaw, gagawin mo—gagawin mo ang lahat. Kita n'yo, mariin ka ngang ibubunsod nito sa desperasyon.

72 At 'yun din ang parehong bagay rito. Kinakailangan nating magkaroon ng pag-ibig bago tayo magkaroon ng pananampalataya. At ang pananampalataya. . . Kapag mayroon tayong dalisay na pag-ibig, anong ginagawa nito? Tinutulak nito ang ating pananampalataya papunta sa harapan ng digmaan para sa Diyos. Kita n'yo? Dalisay na maka-Diyos na pag-ibig para sa Diyos at para sa Kanyang Salita at para sa Kanyang mga tao, ang magtutulak sa pananampalataya sa dakoroon. Hahawakan mismo ng pag-ibig ang pananampalataya, at sadyang, "Halika, tara na!" At mamumutawi mismo, dahil 'yun ang bagay na ginagawa ng pag-ibig.

73 Juan 14:23, ang sabi ni Jesus, "Kung ang isang tao'y umiibig sa Akin, kanyang tutuparin ang Aking Mga Salita." Ngayon

di n'yo matutupad ang Kanyang Mga Salita nang walang pananampalataya sa bagay na sinabi Niya. Kaya, kita n'yo, kung umiibig siya sa Diyos, hayan nga na tutuparin niya ang Salita ng Diyos. Kung sabihin Niya, "Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa inyo," sinasampalatayanan niya 'yan. Ibinubunsod siya ng pag-ibig na sampalatayanan ito, dahil nangingibabaw ang pag-ibig sa lahat. "Gayong nakakapagsalita ako ng wika ng tao at Mga Anghel, wala namang pag-ibig, haya't walang kabuluhan, kita n'yo. Gayong ako'y may pananampalataya para magpalipat ng mga bundok, at walang pag-ibig, haya't walang kabuluhan." Nangingibabaw ang pag-ibig sa lahat, dahil ang Diyos ay pag-ibig, isang Diyos ng pag-ibig. Ngayon, ganoon, nga! Kung sinabi ni Jesus, "Kung iniibig Ako ng isang tao, kanyang tutuparin ang Aking Mga Salita."

<sup>74</sup> Alam natin na totoo na kakatagpuin ng Diyos ang isang desperadong kaluluwa. Ngayon, alam nating lahat 'yan. Pero kadalasan nga'y nangangailangan ng isang bagay para itulak tayo papunta roon, sa kawalan ng pag-asa na 'yun, sa desperasyon. Kinakailangan nga ng ganoong bagay para gawin 'yun.

<sup>75</sup> Nalaman natin, sa Santiago 5:15, na ang sabi ng Biblia, na, "Ang mabisa't maningas," 'yan nga'y desperasyon, "mabisa't maningas na panalangin ng matuwid na tao'y malaki ang nagagawa. Kapag ang isang taong matuwid, isang mabuting tao, ay humahantong sa pagdaramdam," o ang kaluluwa ay may pinagdadaanan, o nagdaramdam, alinman diyan. Sa palagay ko—sa palagay ko 'yung "may pinagdadaanan" ay mas mainam na kataga. Nagdaramdam, may pinagdadaanan, alinman diyan na nais n'yong itawag. Pero kapag ang isang—isang—isang kaluluwa nga'y humahantong sa—sa desperasyon, sa pagdaramdam, ang isang mabisa't maningas na panalangin ng isang tao na kayang ipakita ang Tanda, haya't may bagay nga na nagagawa 'yun. Kita n'yo?

<sup>76</sup> Pansinin n'yo kung anong sinabi rin dito ng Biblia, sa Santiago 16, 5:16, ang sabi, kung . . . "Nagpapahayagan ng ating mga sala," pagtutuwid, paghahanda ukol dito, "magpahayagan ng ating mga sala sa isa't isa." Wala nang—wala nang mga sala . . . Hilingin sa mga kasamahan na ipanalangin ka, magpahayagan ng pagkakasala sa isa't isa, at panalangin sa isa't isa. Hayan nga. Nang may kalakip na pag-ibig, pag-iibigan, na may tiwala ako na maipapahayag ko sa inyo ang kamalian ko; at maipapahayag n'yo ang kamalian n'yo sa akin. At ganoon na lamang ang pag-ibig ko sa inyo na ipapanalangin ko kayo, at ipapanalangin n'yo ako; at pipisan tayo rito, na may mabisa't maningas na panalangin, hanggang sa ito'y tugunin. Yun nga, 'yun nga'y desperasyon. Yan nga ang bagay na dapat mayroon tayo sa lahat ng oras.

<sup>77</sup> Kumuha tayo ng ilang mga halimbawa sa Kasulatan n'yan,

na mga nangyari noon, ngayon, sa kasunod, na mga labinlimang minuto, loobin ng Panginoon.

<sup>78</sup> Si Jacob, isa siyang lalaki, siya nga noon ay isang hamak na . . . kabataang lalaki siya na para bang walang pakialam. Iniisip niya sa kanyang isipan na alam niya na mahalagang-mahalaga ang karapatan ukol sa pagkapanganay sa kanya, at wala siyang pakialam kung sa anong paraan niya 'yun makukuha, kinakailangan lang niyang makuha ito. At matapos na makuha niya 'yun, naisip niya na ayos na ang lahat, dahil kamit na niya ang karapatan ukol sa pagkapanganay. Iniisip niya na ayos na ang lahat. Nagtungo siya sa kanyang kapatid noong magutom siya, galing siya noon sa kaparangan, mula sa pagtratrabaho sa bakahan at pangangaso ng usa. At ang kapatid niya, mayroon siyang—mayroon siyang malaking palayok ng bulanglang, may mga ligaw na gisantes at—at kung anu-ano pa na lahok. Marahil masyadong nakakatukso kapag ang isang tao'y gutom, matapos na maglakad nang buong araw. At ang sabi ng kapatid niya, “Para nga akong hihimatayin. Bigyan mo ako n'yan.”

Tapos ang sabi niya, “Buweno, ako . . . kung manunumpa ka sa akin na makuha ko ang pagkapanganay.” Kita n'yo? Wala siyang pakialam kung papaano nga niya 'yun gagawin, para lang makuha niya mismo. At naisip niya, na kapag nakuha na niya ang pagkapanganay, 'yun na 'yun.

<sup>79</sup> Pentecostal, diyan kayo nabigo! Iniisip n'yo na dahil ipinanganak na kayo sa Espiritu, ipinanganak sa Espiritu ng Diyos, 'yung Pagkapanganay, haya't 'yun na 'yun. Pero simula pa lang 'yun. Naalala n'yo sa Mensahe na—na *Siya Ang Inyong Pakinggan*, kung papaanong ang bata, matapos na isilang siya sa pamilya, ay nagiging isang anak. Kamit niya ang mga karapatan ukol sa pagkapanganay, pero kinakailangan muna 'yung mapatunayan, dumaan sa pagsasanay ang bata. At pagkatapos kapag di ito napatunayan na isang—isang masunuring bata sa kalooban ng ama, mangyari nga, buweno, hindi nito makukuha ang—ang . . . di maituturing . . . di magiging tagapagmana. Hindi ito magmamana ng anuman, gayong isa itong anak, pero hindi ito magmamana ng anuman kung hindi siya interesado sa gawain ng ama.

<sup>80</sup> At kaya noong bumaba ang Espiritu Santo sa mga Pentecostal at sinimulan nilang ipanumbalik ang mga kaloob at mga bagay-bagay na nasa iglesya; naisip nila, na dahil ipinanganak sila sa Espiritu, ay ayos na 'yun. Pero, nakita n'yo, mayroon pang pagpoposisyon ng anak. At matapos na mapatunayan ang anak na ito na isang tunay na anak, pagkatapos nga'y dadalhin siya sa isang pampublikong lugar, at pagkatapos patatayuin siya roon, at papalitan ng bihis, at papupwestuhin doon; at pagkatapos may magaganap na

pagpoposisyon ng anak, na siya ang tagapagmana ng lahat ng pagmamay-ari ng ama.

<sup>81</sup> Ganoon na ganoon ang ginawa ng Diyos sa Kanyang Anak sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo. Siya ay nililiman ng...o may isang ulap, at pinagbagong-anyo, at ang damit Niya ay sumisinag na parang araw, at ang sabi ng isang tinig, “Ito ang Sinisinta Kong Anak na Siyang kinalulugdan Kong panahanan.” Bigo si Moises at ang batas. At heto Siya, “Siya ang inyong pakinggan.” Siya nga’y ipinosisyon. Kita n’yo?

<sup>82</sup> Ngayon naisip ni Jacob, dahil sa kamit-kamit na niya ang karapatan ukol sa pagkapanganay, na plantsado na ang lahat.

Ganoon din ang nangyari sa mga Pentecostal, at nagsimula silang mag-organisa, yaong—yaong oneness, threeness, at mga trinitarian, at lahat ng uri ng mga organisasyon, at nagbabangayan at naghahatakan sa isa’t isa, na pinapatunayan lang na hindi nakikita ang Tanda. Masamang akala, pananaghili, pakikipagtalo, kita n’yo, kaya doon nga humantong.

<sup>83</sup> Ngayon, kita n’yo, naisip ni Jacob ang ganoon ding bagay. Pero dahil sa takot, isang gabi, para sa sarili niyang buhay, pinangunahan siya ng desperasyon, noong maisip niya ’yun, “Doon lamang sa tawid ng ilog, naghihintay ang kapatid ko para patayin ako. Gagawin nga niya.” Kita n’yo, ’yung pagkapanganay na nakuha niya, ang siya ring bagay na magdudulot ng kanyang kamatayan.

At kung minsan ang mismong bagay na natatanggap n’yo, gaya ng Espiritu Santo, Iyon nga, at ipinanganak muli ng Espiritu, kung hindi kayo magmamatyag, ang siya ring bagay na ’yun ang hahatol sa inyo sa huli. Ganoon nga. Ang mismong tubig na nagligtas kay Noe, ang humatol sa mundo. Yung bagay na—na tinatawag n’yong panatisismo ay marahil magiging mismong bagay na kokondena sa inyo sa dulo ng daan.

<sup>84</sup> Ngayon alam ni Jacob na ang buhay niya’y malapit na sa dulo. May mensahero siya na dumating para sabihin sa kanya na ang kapatid niya, na may kasa-kasamang apatnaraang armadong lalaki, ay paparating para katagpuin siya, at alam na siya’y nasa—siya’y nasa paglalakbay. Pinangunahan siya ng takot. Nagsugo siya ng lalaki na may dalang baka, at bakahan, at tupa para ihandog bilang tanda ng pakikipagkasundo niya kay Esau. Tapos, pagkatapos nun, nagpadala siya uli ng panibagong grupo na may dala-dala uling panibagong kargamento. Tapos nagpadala uli siya ng isa na namang grupo na may dala-dalang panibagong kargamento, sinusubukan na katagpuin siya muna, para subukan na pahupain ang kanyang galit. Tapos naisip niya, “Marahil di siya makukumbinsi nun, dahil marahil mas mayaman siya kaysa sa akin. Hindi niya kailangan nun.” Tapos tinipon niya ang mga asawa niya’t maliliit na mga anak, at pinauna niya sila, para makita ni Esau sila na maliliit na

mga bata at mga asawa niya. At pihado sa sarili niyang mga pamangkin na babae't mga pamangkin na lalaki, hindi niya sila papaslangin. Tapos, siya, anupa't di pa rin niya magawa. Alam ng Diyos kung papaano maibunsod ang isang tao. Tumawid si Jacob sa batis. Doon nga'y lumuhod siya.

Alam n'yo, siya nga'y para bang naging isang taong walang prinsipyo, bago 'yun. Pasensya na po sa pananalita, pero medyo ano lang. . . Isa siyang Jacob. Ang ibig sabihin ng *Jacob* ay “isang manlililalang,” at ganoon nga siya. Pero may bagay na kinakailangan na mangyari sa kanya. Doon sa desperasyon, doon sa panahon na ang kamatayan ay inilatag sa harapan niya. . .

<sup>85</sup> Marahil may mga lalaki't babae na nakaupo rito ngayong gabi, na, ang kamatayan ay nasa harapan n'yo na mismo. At ang tanging paraan na maaabot n'yo ang bagay na ginugusto n'yo, ay desperadong dumulog. “Kailangan na kailangan kong makuha ito, ngayong gabi. Kailangan kong makuha ito ngayon, o ako'y tapos na. Bukas ay atrasado na. Kinakailangan kong makuha ito ngayon!”

Kapag mananalangin kayo para sa bautismo ng Espiritu Santo, ang Tanda, huwag n'yong sabihin, “Buweno, ngayon dudulog ako at susubukan. Panginoon, ako, ako po'y medyo pagod.” Oh, kahabagan, manatili na lang kayo sa inyong kinauupuan! Huwag n'yong—huwag n'yong tangkain. Kung lalapit lang kayo, na magsasabi, “Dadaan ako sa pila para sa pananalangin; magpapalagay ng langis sa ulo ko, titingnan ko kung magdudulot sa akin ng mabuti,” mas mabuti pang maupo ka na lang sa kinauupuan mo. Hanggang sa makadako kayo sa kalagayan na 'yun, hanggang sa ang buong iglesya'y makadako sa isang kalagayan, na nasa pagitan ng kamatayan at buhay, na kinakailangan n'yong makuha Ito o inyong ikasasawi, kung ganoon ay kikilos ang Diyos sa eksena. Kinakailangan nga ng desperasyon para dalhin ang Diyos sa eksena.

<sup>86</sup> Tumangis si Jacob nang hindi pa niya nagawa noon. Desperado siyang tumawag hanggang sa mahawakan niya ang Diyos. At noong magawa niya, siya'y nakipagbuno; hindi nang labinlimang minuto. Nakipagbuno siya sa Kanya, nang buong kaluluwa niya, buong gabi; at sa kabila nun ay alam niya na hindi pa rin niya kamit ang pagpapala, at nagawa pa rin niyang kumapit hanggang sa dumating ang pagpapala. Desperado siyang nakipagbuno hanggang sa dumating ang pagpapala. Pagkatapos, at noong makita niya. . . hanggang sa dumating ang Diyos sa eksena. At pagkatapos, sa kawalan niya ng pag-asa, “Hindi Kita bibitawan,” noong magsimulang maramdaman niya ang pagpapala na bumababa na sa kanya.

Maraming tao ang nagsasabi, “Luwalhatiin ang Diyos, natamo ko na ito ngayon.” Diyan nga kayo nadadaya. Siyanga! May magsasabi, “Oh, ang sarap ng pakiramdam ko, Kapatid na

Branham, ako'y nagtungo roon at nanalangin. Oh, gumapang sa buong katawan ko ang panginingig." At marahil ang Diyos nga 'yun. "Nakakita ako ng malaking liwanag sa harapan ko." Marahil ang Diyos pa rin 'yun, pero hindi 'yan ang tinutukoy ko.

<sup>87</sup> Ang sabi ng Biblia, sa Mga Hebreo sa ika-6 na kabanata, "Bumubuhos ang ulan sa matuwid at di-matuwid, pareho." Ngayon, kumuha kayo ng trigo, at kumuha kayo ng mga damo, at itanim ang mga 'yun sa bukid. At ang ulan ay ipinadala kung tutuusin para lang sa trigo, pero ang ulan ay bumubuhos sa mga damo kung papaano nga na bumubuhos sa trigo. At, ang ulan, at ang mga damo nga'y kasing tuwa ng trigo dahil sa ulan, at 'yun nga'y ang pareho mismong ulan. Ang mismong Espiritu Santo'y maaaring bumuhos kapwa sa isang di-mananampalataya at ibubunsod siya na umakto nang eksaktong-eksakto sa inaakto ng mananampalataya. Pero sa pamamagitan ng kanilang mga bunga ay makikilala sila; 'yan ang ipinapangusap ko, 'yun ang Tanda. At si Da- . . .

<sup>88</sup> At si Jacob, ang ibig kong sabihin, sa desperasyon, ang sabi niya, "Alam ko't nararamdaman Kita, nandito Ka kasama ko, pero hindi Kita bibitawan."

May makakakita na ang inam nito, nitong unang munting sensasyon, sila nga'y tatayo at magtatalon-talon nang taas-baba, tatakbo-takbo sa pasilyo, sasabihin, "Nakuha ko na Ito, nakuha ko na Ito, nakuha ko na Ito." Oh, hindi. Huh-uh. Hindi.

Nanatili roon si Jacob hanggang sa may bagay na mangyari, na nagbunsod sa kanya na lumakad nang iba, pinaging-ibang tao siya, dahil nanatili siya hanggang sa mangyari 'yun. At nagawa niya . . . Ang sabi ng Biblia, "Siya'y kumapit hanggang sa manaig siya." Papaano makakapanaig ang tao sa Diyos? Pero magagawa n'yo nga. Magagawa n'yo. Magagawa ng tao na makapanaig sa Diyos.

<sup>89</sup> Isang beses may isang lalaki na nagnangalang Hezekias, na sinabihan ng propeta, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, mamamatay ka." Ibinaling ni Hezekias ang kanyang mukha sa pader, at sa desperasyon ay nanangis siya, "Panginoon, isaalang-alang Mo po ako. Ako po'y lumakad sa harapan Mo na may sakdal na puso, at kailangan ko ng labinlimang taon pa," matapos na sabihin sa kanya ng Diyos na may bagay na mangyayari, na siya'y mamamatay na. At, sa desperasyon, kanyang binago ang programa ng Diyos. Desperasyon, hayan nga, siya'y mapait na nanangis mismo sa desperasyon.

<sup>90</sup> Nanatili si Jacob hanggang sa dumating ang pagpapala, at pinalitan ang pangalan niya mula "isang manlilinlang" ginawang "isang prinsipe sa Diyos." Maging ang bansa'y pinangalanan gamit ang kanyang pangalan. Siyanga, po! Ano 'yun? Ang resulta nga'y dahil naging desperado siya ukol sa bagay na 'yun. At kaya noong sumunod na araw noong

katagpuin na niya si Esau, hindi na niya kinailangan ng mga guwardiya. Lumakad siya mismo roon at kinatagpo ang kapatid. Kita n'yo? Bakit? Naging desperado siya hanggang sa matamo niya ang katiyakan.

At kayo nga'y maging desperado hanggang sa makuha n'yo ang katiyakan. Kung hindi kayo magiging ganoon, huwag na kayong lumapit para maipanalangin. Huwag n'yong subukan na dumulog sa altar. Hintayin n'yo hanggang sa maging pagitan ito ng buhay at kamatayan, para sa inyo, pagkatapos may bagay nga na mangyayari. Tunay, desperasyon!

<sup>91</sup> Naging desperado si Ruth, isang beses, noong nakatayo siya sa tabi ni Naomi. Siya ba'y babalik sa kanyang mga kababayan, sa lahat ng mga mahal niya sa buhay, at lahat ng kanyang—kanyang sinasamba noon, 'yung mga diyus-diyosan niya't pamilya niya, o siya ba'y pipisan kay Naomi? Anong gagawin niya? At siya'y naging desperado, at umiyak siya, “Kung saan ka tutungo, ako'y tutungo. Kung saan ka maninirahan, ako'y maninirahan. Kung saan ka mamamatay, ako'y mamamatay. Kung saan ka ililibing, ako'y maglilibing. . . o ako'y ililibing. At ang iyong Diyos ang magiging Diyos ko.” Hayan nga, desperasyon! Pinagpala siya ng Diyos, binigyan siya ng isang anak na lalaki, si Obed. Naging anak ni Obed si Jesse. Naging anak ni Jesse, sa pamamagitan ni Jesse, dumating si Jesus. Dahil, sa desperasyon!

<sup>92</sup> Katulad nung munting patotot, si Rahab, siya'y naging desperado. Alam niya na ang kamatayan ay naroon na sa harapan niya. Siya'y nasa ilalim ng kahatulan. At naging desperado siya, sabi, “Itatago ko kayong mga tiktik. Gagawin ko ang anuman. Ang hinihiling ko lang, manumpa kayo sa Diyos n'yo, na ang aking bahay ay manatiling nakatayo.” Hayan nga.

Sabi nung lalaki, “Aking. . . Kung ilalagay mo itong tanda, mangyayari 'yun.”

<sup>93</sup> Naging desperado si Eliezer noong iatang sa kanya ang responsibilidad na maghanap ng nobya para kay Isaac. Isang dakilang tao si Eliezer ng Damasco. Kinalulugdan siya ni Abraham, at siya'y pinagkatiwalaan ni Abraham na humayo at maghanap ng nobya, isang tamang uri ng nobya, para sa anak niyang lalaki, na si Isaac. Sa pamamagitan nun ay darating si Cristo.

<sup>94</sup> Ngayon, si Eliezer, yamang isang espirituwal na lalaki, alam niya ang kahulugan nun. Ang tamang uri ng babae ay dapat na maging asawa nung—nung lalaking 'yun. At papaano niya 'yun pipiliin? Noong oras na 'yun ng kanyang desperasyon, noong dumating siya sa siyudad, nanalangin siya at nagsabi, “Panginoong Diyos!” Yun dapat. Kapag kayo'y desperado, kayo'y manalangin. “Panginoong Diyos, Iyong itulot na ang unang dalaga na darating at bibigyan ng tubig ang kamelyo, at

bibigyan ako ng mainom, haya't siya na 'yun." Nanalangin siya noong oras na 'yun ng kanyang desperasyon.

<sup>95</sup> Si Rebekah, na isang magandang dalaga, dumating siya, binigyan ng tubig ang kamelyo. At pagkatapos ang sabi ng lalaki, "Huwag mo akong iantala sa daan." Kinailangang magpasya si Rebekah noong mga sandaling 'yun kung siya ba'y pupunta. Siya'y tipo ng Nobya. Siya ba'y—siya ba'y pupunta at makakasal sa lalaking ito na di pa niya nakikita kailanman? Ngayon, pambihirang bagay nga 'yun. Hindi pa nakikita kailanman ang lalaki, hayan nga na narinig niya lang sa lingkod nito.

<sup>96</sup> Yan nga'y tipo ng Nobya. Hindi n'yo pa nakikita si Cristo. Pero narinig n'yo na, sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod, kung ano Siya. Ipinagbili n'yo ang lahat, nilisan n'yo ang inyong mga tahanan, lahat ng bagay na kinakailangan, para magtungo't hanapin Siya. Ngayon pansinin, haya't nagpasya siya, isang tipo ng Nobya, iniwan ang makadenominasyon niyang tahanan, kita n'yo, para pumunta.

<sup>97</sup> Si Jonas, itinapon mula sa barko noong panahon ng bagyo, sa pusod ng dagat, sa tiyan ng balyena. Lahat ng pag-asa para makaligtas ay walang-wala. Pero mangyari nga na bigla niyang naisip si Solomon, noong inihahandog ang templo, ang sabi'y, "Panginoon, kung may mga tao na nasa panganib saan mang lupalop sila naroon, at sila'y babaling sa direksyon ng templong ito at mananalangin, haya't diringgin." At bumaling siya sa loob ng tiyan ng balyena, nagawang pumuwesto sa isang dako roon sa kanyang mga tuhod, nakikinita ko nga, habang ang suka ng balyena'y nasa buong katawan niya.

Doon nga'y nanalangin siya nang may desperasyon. At sa ganoong kalagayan, na desperado; kakarampot na hinga na lang ng oxygen ang natitira sa kanya sa tiyan ng balyena. At sa kakarampot na hiningang 'yun na nilalanghap niya, marahil di niya alam kung nasa aling direksyon ba siya, haya't ang sabi, "Panginoon, naniniwala po ako na nakatuon ako sa direksyon ng Iyong templo." At sa kakarampot na hininga na lang na natitira, sa desperasyon, nanalangin, sa ilalim ng sirkumstansya na 'yun. Hindi pa kailanman nagagawa ang ganoong bagay noon, pero haya't desperado siya. Nanalangin siya, at pinanatili siya ng Diyos na buhay nang tatlong araw at gabi, at dinala siya sa lugar na pagdadalhan niya ng kanyang mensahe. Desperasyon!

<sup>98</sup> Si Hannah, isang baog na babae sa Biblia, nagnanais siya ng isang anak na lalaki, at siya'y nag-ayuno para sa anak na ito. At nag-ayuno siya't nanalangin hanggang sa maging 'yung pari sa templo'y iniisip na lasing siya. Siya nga'y nasa ganoong kadesperadong kalagayan! Habang ang iba pang kababaihan ay patingin-tingin kung anong bonete ang suot-suot ng isa; at alam n'yo na ito; at 'yung isa'y patingin-tingin kung anong uri ng mga damit ang suot-suot ng iba, at nagkukuwentuhan tungkol sa



mga bagay-bagay na nangyayari sa bukid. Pero hindi si Hannah; humiwalay siya sa mga taong naroon at nagtungo sa altar. Siya'y matagal nang nag-aayuno. Minimithi niya na ang kadustaan niya'y maalis.

Grabeng ibang-iba sa panahon ngayon. Halos kadustaan nga ang magkaroon ng anak sa panahon ngayon. Noong panahon na 'yun noon isang—isang kadustaan ang di magkaanak.

At siya'y lumuhod mismo. At hindi niya pansin ang karangalan ng templo. Hindi niya pansin ang karangalan ng pari habang lumalakad ito. Ganoon na lamang ang kanyang pagkabalisa hanggang sa ang mga luha'y gumuguhit sa kanyang mga pisngi, at siya'y umiiyak, sa desperasyon, “Oh Panginoong Diyos, bigyan Mo po ako ng isang anak na lalaki. Bigyan Mo po ako ng isang anak na lalaki!”

<sup>99</sup> At, pansinin, hindi siya maramot. Noong pakinggan siya ng Diyos, at dininig ang kanyang dalangin at binigyan siya ng isang anak na lalaki, kanya mismong ibinigay ito pabalik sa Diyos. At dahil maluwap sa kalooban niya na hindi maging maramot matapos na dinggin ng Diyos ang kanyang panalangin, binigyan siya ng Diyos ng isang propeta. Oh, dagdag na pagpapala pa nga 'yan. Oh, Siya nga'y punung-puno nito, 'yung mumunting mga dagdag na bagay na Kanyang ibinibigay. Hindi lang basta isang anak na lalaki, kundi isang propeta pa. At noong mga panahon na 'yun ay walang hayag na pangitain nang maraming, maraming taon, sa Israel. Si Samuel, ang kauna-unahang propeta, nang maraming, maraming taon, dahil isang nanay ang naging desperado; na hindi na siya magkakaroon pa ng anak, at lampas na siya sa edad ng panganganak, marahil animnapu, pitumpung taong gulang na. At nanalangin siya nang may desperasyon, na kinakailangan niyang makamit ang anak na ito! Ano 'yun? Nangusap sa kanya ang Diyos, walang pasubali.

<sup>100</sup> Hindi nga kayo magiging desperado hanggang sa mangusap sa inyo ang Diyos. Oh, Iglesya, bumangon kayo at yugyugin ang sarili! Kurutin ang konsyensya n'yo, gisingin n'yo ang sarili, sa oras na ito! Dapat tayong maging desperado, o kung hindi'y masasawi! May bagay na paparating mismo mula sa Panginoon! Batid ko ito bilang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. May paparating na bagay, at marapat tayong maging desperado. Ito'y sa pagitan ng Buhay at kamatayan. Ito'y dadaan sa atin at di natin makikita.

<sup>101</sup> Dahil siya'y hindi nagdamot, siya'y binigyan ng isang propeta.

<sup>102</sup> Ang babaing Sunamita'y nagkaroon ng isang munting anak na lalaki na binigkasan mismo ng propeta ng Salita ng Panginoon, gayong siya'y matanda na't ang asawa niyang lalaki'y matanda na rin. Wala silang anak, pero ang babae nga'y

naging mabait dito—dito sa propeta. At alam niya na siya'y isang lingkod ng Diyos. Napagkikilala niya na siya'y marangal, na isang tunay na lalaki. Nagpunta ang propeta sa bahay, wala roon ang asawang lalaki, at kung ano pa. Isa siyang banal na lalaki. Nakikita nila na siya'y isang marangal na tao. Nasaksihan niya siya na nagpapamalas ng mga tanda't mga kababalaghan. Narinig na niya siya na nagsasabi ng mga bagay na nangyayari. Isa siyang marangal, na banal na lalaki.

Sinabi niya sa kanyang asawang lalaki, “Napagkikilala ko na ang lalaking ito na humihimpil sa atin ay isang banal na lalaki.” Ang ginang ng bahay, napagkilala niya na siya'y isang banal na lalaki. At nagpatayo siya ng isang munting bahay sa labas para sa lalaki, para hindi ito mahihiya. Maaari siyang bumisita kapag nais niya, at kung ano pa. Siya nga'y naglagay ng isang—isang higaan doon, at isang—at isang lalagyan ng tubig, at kung ano pa, para mahugasan niya ang kanyang sarili't makainom siya. At marahil papupuntahin niya roon ang katulong, o kung sino, 'yung mayordomo, na may dalang—may dalang pagkain para pakainin siya, at magpupunta roon at kukumustahin ang—ang araw niya, o kung ano.

<sup>103</sup> At, kaya, noong makita ni Elias ang kabutihan na ito na ginawa sa kanya. At nasusulat, “Kung ano ang ginagawa ninyo sa Aking maliliit, ay ginagawa ninyo sa Akin.” Hayan nga na nakita niya 'yan, pinarangalan ng babae ang Diyos habang pinarangalan niya ang propetang ito, yamang nakikita niya ang Diyos sa propeta. At, mangyari nga, na wala siyang inaasam na kapalit. Wala sa puso niya ang humiling ng kung ano man. Kanya lamang ginawa 'yun dahil iniibig niya ang Diyos. Hindi niya 'yun ginawa para sa anumang pagpapala. Kanya lamang ginawa 'yun.

<sup>104</sup> Ngayon, ngayon sabi ni Elias, “Tanungin mo sa kanya, ako ba'y mangungusap sa hari para sa kanya? Isa akong personal na kaibigan. O, sa punong kapitan, kilala ko—kilalang-kilala ko siya. May kung anong pabor, bagay na magagawa ko para sa kanya, nais kong bigyan siya ng isang bagay dahil sa naging trato niya sa akin. Kanya—kanya akong pinakain. Pinatulog niya ako sa mga higaan. At—at siya'y naging talagang mabait sa akin. Ngayon anong puwede kong gawin?”

Sabi ng babae, “Hindi na, kasama ko ang pamilya ko. Kami'y—kami'y maalwal ang buhay. May ikinabubuhay kami, at 'yun na 'yun. Hindi kami nangangailangan ng anuman.”

Tapos sinabi ni Gehazi sa propeta, “Pero wala siyang mga anak.”

<sup>105</sup> Noong makita 'yun ni Gehazi, walang duda na nakita rin ng propeta ang isang pangitain, dahil sinabi niya, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Sabihin mo sa kanya, sa angkop

na panahon, o sa tamang panahon, isang taon mula ngayon, yayakapin ng babae ang isang anak na lalaki.”

<sup>106</sup> At ipinanganak niya ang isang anak na lalaki. Noong ang bata’y nasa mga labindalawang taong gulang na . . . Ganoon na lamang na mahal na mahal ng matandang mag-asawa ang munting batang lalaking ito, ang nag-iisa nilang anak. At isang araw naggagapas siya ng trigo, kasama ang kanyang tatay. Marahil kalagitnaan ’yun ng araw, siya’y na-stroke dahil sa init ng araw, sa palagay ko, dahil bigla na lang siyang napadaing ng, “Ang ulo ko.” Lumubha siya nang lumubha. Kinailangan siyang buhatin ng kanyang tatay mula sa bukid, at talagang nangangailangan ng agarang lunas, na isinugo niya ang isang lingkod, at pinatawag ang propeta.

<sup>107</sup> Kalong-kalong siya ng nanay sa kanyang kandungan hanggang magtatanghali, at namatay ang bata. Pansinin n’yo, nag-iisang anak, na ibinigay sa kanya ng Panginoon, sa pamamagitan ng panalangin at pangako ng isang propeta at ng GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Alam niya na may kung anong bagay na mali sa kung saan. Hindi nga nagtutugma-tugma. Papaanong bibigyan siya ng Diyos ng anak na ’yun at ibubunsod siya—siya na ipadanas ang pag-ibig sa batang ’yun? Gayong hindi naman niya hiniling ito. Matanda na siya para magkaroon pa nun. Idineklara mismo ng kamay ng Diyos. Isang lalaki ang bumigkas nito, ang propeta. At doon ang batang ito sa kalagayang ’yun, ay namatay, ang nag-iisa niyang anak.

Kaya sinabi niya sa lingkod, “Siyahan mo ako ng mola, at mangabayo ka, at huwag kang hihinto. Kung may susubok na pahintuin ka, huwag kang iimik, at dumire-diretso ka lamang sa Bundok ng Carmel. Doon sa itaas sa isang kuweba sa kung saan, namamalagi, naroon ang isang lingkod ng Kataas-taasang Diyos; yaong nagsabi sa akin, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, makakamit ko ang sanggol. Nais kong malaman kung bakit ginawa ito ng Diyos.” Kaya ang sabi niya . . . “Dumiretso ka lang at huwag mong alalahanin ang mola. Hayaan mo itong tumakbo nang simbilis na makakayanan nito. Hayaan mo itong tumakbo hanggang sa makarating ka roon.” Desperasyon!

<sup>108</sup> At tumayo si Elias na propeta, tumingin, at nagsabi, “Hetong dumarating ang Sunamita na ’yun, at, siya, may kung anong problema siya. Itinago ’yun ng Diyos mula sa akin. Hindi ko alam kung anong problema.” Sabi, “Humayo ka’t, katagpuin mo ang babae. Ako’y may . . . Bilisan natin. May kung anong problema.”

Namutawi ang desperasyon sa propeta, desperasyon sa babae. Kita n’yo, pinagtatagpo sila; ang isa’y nagnanais na malaman kung ano ang Salita ng Panginoon, at ang isa nama’y hindi alam kung ano ang Salita ng Panginoon. Hayan nga. Ang isa’y nagnanais na malaman ito, at ’yung isa’y di ito alam. Nais

malaman nung babae, at hindi ito alam nung propeta. Sabi, “Itinago ito ng Diyos mula sa akin. Hindi ko alam kung anong sasabihin sa babae pagkadating niya rito.”

Hayan nga na halos naroon na siya. Itinaas niya ang kanyang kamay, sabi niya, “Mainam ba ang lahat sa’yo? Mainam bang lahat sa iyong asawang lalaki? Mainam bang lahat sa bata?”

<sup>109</sup> Ngayon, humantong ang babae sa dulo ng kanyang desperasyon. Ang sabi niya, “Mainam naman ang lahat!” Maluwalhati! “Mainam ang lahat!” Tapos na ang kanyang desperasyon. Nasumpungan niya ang lingkod ng Panginoon. Kung wala ang propeta roon, ang babae nga’y malulugmok pa rin sa desperasyon. Pero, nakata n’yo, naroon ang propeta. Sabi ng babae, “Mainam ang lahat!”

Sa isip-isip ni Eliseo, “Buweno, ano nang nangyayari ngayon?”

<sup>110</sup> Kaya tumakbo siya’t napatirapa sa kanyang paanan. Medyo kakaiba nga ang eksena na ’yun, kaya itinayo siya ni Gehazi. Sabi, “Hayaan mo ang babae, huwag mong gawin ’yan.” Sinabi ni Elias sa kanyang lingkod, “Huwag mong gawin ’yan. Hayaan mo ang babae. May kung anong bagay na mali. Itinago ito ng Diyos mula sa akin.” Tapos sinabi nung babae sa kanya na patay na ang bata.

<sup>111</sup> Ngayon, hindi alam nung propeta kung anong gagawin. Sabi niya, “Gehazi, kunin mo itong tungkod na ginagamit kong panlakad.” Alam niya na anumang mahipo niya’y pinagpapala, dahil hindi siya ito, ito’y ang Diyos na nasa kanya. Alam niya kung sino siya. Alam niya na isa siyang propeta. Kaya pinulot niya ’yung tungkod at nagsabi, “Gehazi, kunin mo ito, at pumunta ka’t ipatong sa bata. At kung may kakausap sa iyo, maging desperado ka. At huwag mong batiin ang sinuman, at huwag mong hayaan. . . Magtuluy-tuloy ka lang, huwag kang makipag-usap sa kaninuman. Ipatong mo ito sa bata.”

<sup>112</sup> Pero, ang babae, hindi dun natapos ang kanyang desperasyon. Hindi nun napunan kung bakit pumunta siya roon. Ang sabi niya, “Habang ang Panginoong Diyos ay nabubuhay, hindi kita—hindi kita iiwan hanggang sa magministeryo ka sa bata.”

<sup>113</sup> At naging desperado si Elias. At dito’y nagtungo siya, naroon na sa daan, siya at ang babae. At noong dumating sila roon, ’yung. . . lumabas ’yung lahat na mga tao sa bakuran, na napapalahaw at umiiyak. At ginawa nung babae ang pinakaangkop na bagay na magagawa. Binuhat niya ang bata at inihiga na pala sa higaan kung saan nahihiga noon si Elias. Yun nga’y kasing inam nung tungkod niya. At ang bata’y di nagigising doon, kaya hindi umuubra. Nais niyang malaman kung may iba pa bang magagawa.

<sup>114</sup> Pumasok ang propeta. Ngayon siya'y nasa desperasyon. Ngayon ano nang gagawin niya? At nasumpungan natin sa Biblia na lumakad-lakad siya sa sahig dun, na desperado. "Wala akong nalalaman na anuman para gawin, Panginoon. Heto ako. Sinabi Mo sa akin na kausapin ang babae na 'yun, at GANITO ANG SABI NG PANGINOON. At nangyari mismo ang bagay na sinabi ko sa kanya, dahil Ikaw po ang may sabi nun sa akin. Ngayon, siya'y gulong-gulo, at hindi ko alam kung anong gagawin. Hayan na nakaratay ang isang patay na batang lalaki. Ano pong magagawa ko, Panginoon?"

<sup>115</sup> Walang pag-aalinlangan na sinabi ng Espiritu Santo, "Kung nasa iyo ang Diyos, kung ganoon ay ipatong mo ang iyong sarili sa bata." Malalaman n'yo na lang, huminto siya, tumakbo't inilapat ang kanyang mga kamay sa kamay nung bata, 'yung kanyang ilong sa ilong nito, 'yung kanyang labi sa labi nito. At noong maipatong niya ang kanyang sarili rito, bumahing ang bata nang pitong beses. Tapos na ang desperasyon.

Nabuhay ang bata, dahil ibinunsod ng desperasyon ang babae na 'yun na magtungo sa propeta, at ibinunsod ng desperasyon ang propeta sa bata. At ibinunsod nilang dalawa ang Diyos sa eksena. Kalakip ang pag-ibig ng Diyos, at pag-ibig para sa kanyang bayan, haya't pinababa mismo ang pag-ibig ng Diyos, at pinasugod ang pananampalataya sa dakong unahan ng labanan, at natapos ang gawa. Sarado na ang kaso. Amen! Hayun nga 'yun. Desperasyon ang may gawa. Tunay nga! Hindi nga aalis ang babae.

<sup>116</sup> Naisip ng bulag na si Bartimeo noon na lalampasan siya ni Jesus, habang nakaupo siya roon sa may pintuang-bayan, bulag na pulubi, na nanlilimos. Unang-unang bagay na malalaman n'yo, nakarinig siya ng ingay; papadaan dun si Jesus. Sabi niya, "Sino ang dadaan?" Naitutulak nga siya ng kung sinu-sino. Sabi niya, "Pakiusap, kung sino man, sino ang dadaan?"

Isa sa mga naroon, buweno, marahil mabait na munting tagasunod na babae, sinabi sa kanya, sabi, "Ginoo, hindi mo ba alam kung Sino ang dadaan?"

"Hindi. Narinig ko lang na may nagsabi, 'May buong sementeryo rito na punung-puno ng mga patay na tao. Kung nakakapagbuhay ka ng patay, sige't buhayin mo nga sila.' Isa kayang namumusong o kung sino?"

"Hindi. Nabalitaan mo na ba ang tungkol sa Propeta ng Galilea, 'yung kabataang Propeta na nagngangalang Jesus na taga-Nazaret?"

"Hindi."

"Buweno, alam mo, sa Biblia sinasabi roon sa ating mga balumbon na lilitaw ang Anak ni David para iluklok doon. Yun Siya."

“Siya nga ba 'yun? Siya nga ba, at Siya'y dadaan daw?”

Mariin siyang ibinunsod ng desperasyon na sumigaw, “Oh Jesus, Ikaw na Anak ni David, mahabag Ka sa akin!”

Huwag Mo akong lampasan, Oh mahinahong  
Tagapagligtas,  
Ang hibik ko ng kapakumbabaan ay Iyong  
pakinggan;  
Habang sa iba Ikaw ay nananawagan,  
Iyo po akong huwag lalampasan.

“Oh Jesus!”

May ilan sa kanila na ang sabi, “Manahimik ka! Masyado kang maingay.”

<sup>117</sup> Pero siya nga'y desperado. Kung si Jesus nga'y lalampas, marahil di na siya magkakaroon ng oportunidad kailanman. Marahil tayo rin; ito na marahil ang huling gabi natin. Desperasyon! Sumigaw siya, “Oh Jesus!” Kahit na sino pa ang magsabi sa kanya na manahimik, siya nga'y tumawag at tumawag pa rin, nang palakas nang palakas pa. Noong sabihin nila sa kanya na tumikom, mas lalo pa niyang nilakasan nang nilakasan. Siya'y desperado. Wala ngang makakapanahimik sa kanya. “Ikaw na Anak ni David, mahabag Ka sa akin!” At sumigaw siya sa desperasyon.

<sup>118</sup> At ang Anak ng Diyos, pasan-pasan ang mga kasalanan ng sanlibutan sa Kanyang mga balikat, na patungo sa Jerusalem para maialay, doon mismo, bilang isang hain para sa sanlibutan, ay huminto sa Kanyang mga hakbang. Desperasyon, isang pagsigaw ng kawalan ng pag-asa, ay nagpahinto sa Anak ng Diyos. Sabi, “Ano ba ang ipagagawa mo sa Akin para sa iyo?” Oh!

Sabi, “Panginoon, ang makatanggap ako ng paningin.”

Sabi, “Humayo ka sa iyong daan, inililigtas ka ng pananampalataya mo.”

Yun ay sapat. Desperasyon! Kapag tatanggap mismo ng isang bagay ang desperasyon, maski pinaka bahagyang hipo pa 'yan, susungab mismo ang pananampalataya. Kita n'yo? Hindi niya sinabi, “Ngayon sandali lang, sandali lang, teka lamang, titingnan ko lang kung nakakakita na ako ngayon. Matagal-tagal ko nang hindi nakikita ang mga kamay ko't, napakaraming taon na. Sige't tingnan natin kung makikita ko ito. Haya't wala pa naman akong makita na anuman.” Noong sabihin ni Jesus, “Iniligtas ka ng pananampalataya mo,” sapat na 'yun. Yun lamang ang buong nais niya.

<sup>119</sup> Tumatawag ng magpapasailalim ang desperasyon, at kapag ang magpapasailalim, kahit na gaano pa 'yung kabahagya, 'yun nga'y tatanggap, 'yun nga'y sasampalataya doon mismo, dahil humahagip mismo ang pananampalataya kapag itinutulak ng

desperasyon. Kita n'yo? Yung pag-ibig doon ay lumalakip dito at dinadala ito roon. Desperasyon ang may gawa nun.

Nahagip agad-agad ng bulag na si Bartimeo ang pangitain.

<sup>120</sup> Si Pedro, antig na antig siya noon, isang gabi sa dagat, noong siya'y maging desperado. At bigla na lang siyang sumigaw, "May kung anong bagay na mali. May nakikita akong espiritu na paparating, naglalakad papalapit sa akin!" Papalubog na noon ang bangka. Ang sabi niya, "Kung Ikaw nga ito, Panginoon, tulutan Mo ako na makalapit sa Iyo sa ibabaw ng tubig." At humakbang siya mula sa bangka at naglakad; at natakot siya noong naglalakad-lakad na siya, at nagsimula siyang lumubog, at sa desperasyon. . . Gayong isang pagkakamali, sa pagsisikap na makasunod sa mga utos ng Diyos, . . . Umaasa ako na nakukuha 'yan ng iglesya. Ginagawa nung lalaking 'yun ang bagay na sinabi sa kanya ng Diyos na gawin.

<sup>121</sup> Ngayon, kayo na mga Cristiano ngayong gabi, kayo'y nasa linya ng tungkulin, sa pagsisikap na sumunod sa pangunguna ng Espiritu Santo; at may kanser na susunggab sa inyo, o isang—isang kamatayan na susunggab sa inyo, isang kanser, tuberkular, kung ano man ito. Sa linya ng tungkulin, may siya ring karapatan kayo na mayroon si Pedro noon.

"Panginoon, Iyo po akong ilitas, o ako'y masasawi." Sa desperasyon siya'y tumawag, at may kamay na umabot at hinango siya. Kamit n'yo ang siya ring bagay. Anupa't napasigaw siya, "Iligtas Mo ako, Panginoon!"

Kanyang narinig ang kawalang pag-asa kong hikbi,

Mula sa mga tubig ako'y hinango, ngayon ligtas na ako. (Kita n'yo?)

<sup>122</sup> Ganoon nga, kung kayo'y tatawag!

<sup>123</sup> Marahil ang babaing ito, nanay, anuman ito sa kanya, isang munting anak na lalaki, o isang apo, o pamangkin, ano man ito, na pagtawag sa kawalan ng pag-asa. Naririnig nga ng Diyos.

<sup>124</sup> Pagkatapos nalaman natin, sa paglubog niya, narinig siya ng Diyos. Kahit sa linya ng tungkulin, unti-unti siyang lumulubog. Nabigo siya. Kahit na kayo'y mabigo pa, wala nga 'yung kinalaman dito. Lahat tayo'y nabibigo. Tayo'y kabiguan na, sa simula pa lang. Pero mayroon tayong Isa na nakatayo ngayon na may malakas na kamay, Na kayang umabot sa atin at hanguin tayo sa ibabaw ng tubig.

<sup>125</sup> Kung makagawa kayo ng pagkakamali, haya't may babae na nakagawa ng mali, may lalaki na nakagawa ng mali, may kabataang lalaki o kabataang babae na nakagawa ng mali; huwag kayong lumubog. Sumigaw kayo, nang may desperasyon, "Panginoon, Iyo pong ilitas ako, o ako'y masasawi!" Maging desperado kayo ukol dun. Didinggin kayo ng Diyos. Sa tuwina'y

dinirinig Niya ang isang desperadong kaluluwa. Yan nga ang sinisikap kong sabihin sa inyo.

<sup>126</sup> Ang minamahal nating Panginoong Jesus, Mismo, sa pinaka matinding dako ng labanan sa mundo, sa Gentsemani, Siya'y tumawag, sa desperasyon. Kanya bang kukunin ang mga kasalanan ng sanlibutan, o mananatili lang Siya sa lupa kasama ang mga minamahal Niyang alagad, sa bagay na nais Niyang gawin? Pero masdan n'yo ang Kanyang pagpapakumbaba habang ipinapakumbaba Niya ang Kanyang Sarili, "Hindi ang kalooban Ko kundi ang sa Iyo ang masunod," ipinagpakumbaba ang Kanyang Sarili sa Salita, sa ipinangakong Salita ng Diyos ng Langit.

Pansinin, pagkatapos, Siya'y umusad pa nang kaunti. At kung Siya'y sumulong pa nang kaunti, gaano pa kaya tayo na dapat umusad nang kaunti. Kita n'yo? At pansinin, sinasabi ng Kasulatan dito, sa Lucas, na Siya'y nanalangin nang taimtim. Kapatid na lalaki, kapatid na babae, kung kinailangan ni Jesus na manalangin nang taimtim, gaano pa kaya tayo na dapat manalangin nang taimtim. Kung si Cristo, ang Diyos ng Langit, na nagsalaman, ay kinailangan manalangin nang taimtim, kung ganoon gaano pa kaya tayo, na mga makasalanan na naligtas sa pamamagitan ng biyaya, na manalangin nang taimtim! Kung—kung ang pasya na 'yun nga'y ibinunsod ang Anak ng Diyos sa desperasyon, ano pa kaya ang ibubunsod nun sa inyo at sa akin? Nang may desperasyon ay dapat nga tayong umiyak.

<sup>127</sup> Ang Diyos, sa mga huling araw na ito, ay inihayag nang lubos ang Kanyang Sarili sa atin, sa pamamagitan ng Kanyang dakilang mga tanda't mga kapangyarihan, na marapat ngang ibunsod tayo sa desperasyon. Tama. At ang kalooban Niya na pagalingin tayo at ilitas tayo, ay dapat ngang ibunsod tayong lahat sa desperasyon para makarating dun sa Batong nagpapagaling. Tama.

<sup>128</sup> Tingnan n'yo, kung si Florence Nightingale. . . Ang apo sa tuhod ng namayapang Florence Nightingale na nagtatag ng Red Cross. Nakita n'yo na ang litrato niya sa aklat, tumitimbang lang nang halos tatlung libra. Kinain na siya mismo ng kanser. Sa London, Inglatera; dinala nila siya mula sa Aprika, papuntang London, Inglatera. At doon sa desperasyon. . . Sumulat si Kapatid na Bosworth at sinabi sa kanya, ang sabi, "Hindi kami makakapunta ng Aprika."

<sup>129</sup> Sumulat siya, pinasulat sa nars at ang sabi, "Hindi ako puwedeng gumalaw. Hindi ako puwede."

Ipinakita 'yung litrato. Nakita n'yo na 'yung litrato. Hayan nga na tinakpan lang namin nang kaunti. May munting panapi lang kasi na nakabalot. Naisip ko na baka, kapag inilathala sa aklat, may pumuna dahil siya'y. . . 'yung katawan niya'y nakalantad dun, na. . . at nilagyan namin nang kaunting takip



siya *rito*. May munti lang siya na—na taklob, tuwalya na nakalatag nang paganoon, sa kanyang balakang. Pero sa itaas, ay wala po. At kahit . . . Hayan nga na naisip namin na maglagay ng muting piraso ng papel sa ibabaw nun at litratuhan 'yung . . . litratuhan 'yun. Ayaw nating 'yung mga tao na wala sa tamang takbo ng pag-iisip na maisip nila, na pupunahin nila ako sa pagpapalathala ng litratong 'yun sa pahayagan.

<sup>130</sup> At pagkatapos noong sabihin ng doktor na hindi siya maaaring galawin, at alam niya na papunta ako noon ng Inglatera para bumisita, sinabi niya sa kanila na ilagay siya sa stretcher, at ibiyahe siya sa eroplano, at dalhin siya sa London, Inglatera, at magpapunta ng guwardiya sa eroplano bago bumaba ng Buckingham Palace, nagpadala ng guwardiya roon para magpunta't ipanalangin siya. At sobrang lubha na niya hanggang sa di na niya kayang makipag-usap sa akin. Kinakailangan pa nilang itaas ang kanyang mga kamay para ipahawak sa akin.

<sup>131</sup> Alam n'yo naman sa London, ilan sa inyo na mga sundalo'y nakapunta na roon. Laging mahamog doon. At lumuhod ako sa tabi ng isang bintana, at siya . . .

Gumuguhit ang mga luha niya. Nais niyang . . . Hindi ko alam kung may sapat pa ba siya na tubig para lumabas ang mga luha. Hayan nga na buto't, balat na lang siya; at ang kanyang—kanyang mga binti rito sa balakang ay di nga sosobra, sa tingin ko, nang mga dalawang pulgada lang ang lapad, o tatlong pulgada. Bagsak ang kanyang mga ugat. Kung papaanong buhay pa siya, hindi ko alam. Nakita n'yo ang litrato niya pagkatapos.

<sup>132</sup> Lumuhod ako sa tabi ng highaan. Ngayon, siya'y desperadong-desperado; kung ako nga'y pupunta o hindi, kanilang dadalhin at dadalhin talaga siya, ano't anuman. At lumuhod ako roon, nagdurugo ang puso ko sa kalooban ko, dahil sa pananampalataya ng kaawa-awa't, munting, nilalang na 'yun, na naghihingalo, at nanalangin ako nang buong puso ko. At noong dumasisimula na akong manalangin, isang munting kalapati ang dumating, lumipad sa may bintana, naglalakad-lakad dun, humuhuni. Akala ko alaga. Kararating ko lang sa Inglatera noon nang isang oras, kararating ko lang galing ng paliparan. At kaya akala ko alaga 'yun. At noong tumayo ako, at nagsabi ng, "Amen," lumipad na 'yun palayo.

At tinanong ko nga sa mga kapatiran, kung narinig ba nila 'yung kalapati na 'yun. At pinag-uusapan nila ang tungkol dun, at noong sabihin ko, "Nakita n'yo ba, kung ano ang ibig ipahiwatig nung kalapati . . ." Lumabas 'yung, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, mabubuhay ka at hindi mamamatay."

At siya'y buhay hanggang ngayon. Bakit? Desperasyon. Mariing ibinunsod ng desperasyon ang babae na 'yun na manindigan, sa mabuhay o sa mamatay. Inayos 'yun ng

desperasyon na makarating siya roon sa parehong panahon na naroon ako. At isang tanda mula sa Diyos, ipinadala Niya ang isang kalapati, para ibigay ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Desperado!

<sup>133</sup> Noong ang kapatid na babae, na matandang Hattie Waldrop na taga-Phoenix, Arizona, nakalinya siya noon sa bangketa, sa unang pagtitipon ko. Yung intern at asawa niyang lalaki'y akay-akay siya; kanser sa puso. Nagpasya siya, sa pagsisikap na makadalo sa pagtitipon, pero napakalubha ng kalagayan niya na siya'y. . . di na siya makahinga, bumabalik 'yung dugo sa puso niya kung saan kinain na ng kanser. Ngayon, kanser 'yun sa puso! Yun nga'y mga labing-walo, labing-siyam na taon na ang nakararaan, marahil dalawampu, 1947 nga 'yun nangyari.

<sup>134</sup> Ngayon, ang sabi niya sa asawa niyang lalaki at dun sa intern, "Kung mamatay man ako sa linya rito, dalhin n'yo pa rin ako roon." Desperasyon. Nawalan siya ng malay. Sa tingin ko hindi siya noon patay; sinasabi niya na namatay siya. Ngayon, marahil siya nga. Marahil mapapakinggan niya ang teyp na ito, kita n'yo. Ngayon ako—ako—ako. . . Siya, sinasabi niya na patay siya; hindi ko alam. Sinabi nila sa akin, "May patay na babae sa pila na papalapit na." At noong dumaan 'yung babae, siya nga'y walang buhay. At noong dalhin nila siya roon sa itaas, dumating ang Salita ng Panginoon; at nagtungo ako't pinatungan siya ng mga kamay, at tumayo siya at umuwi, na nakakapaglakad. Ito nga'y marahil, sasabihin ko, mga, labing-walong taon na ang nakararaan, at siya'y kasing lusog at sigla pa rin. . . Magpupunta siya ng Tucson para makipagkita sa akin sa pagpunta ko roon. Desperasyon, "Gayong mamatay ako sa pagpunta roon, gayunman, hayan nga't dalhin n'yo pa rin ako roon. Pinagaling Niya ang iba, Kanyang pagagalilingin ako." Talagang maluwag sa kalooban!

<sup>135</sup> Ibunsod nga natin ang ating mga puso na mapuno ng pag-ibig sa araw na ito, at maging taimtim, at nasa desperasyon. Kung tatagal pa'y baka huli na ang lahat.

<sup>136</sup> Si Jairo isang beses siya'y may munting anak na babae na mamamatay na. Isa siyang alanganing mananampalataya. Naniniwala siya kay Jesus, pero takot lamang siyang ipahayag ito, dahil palalaysin nila siya ng sinagoga. Pero dumating isang umaga 'yung doktor, at ang sabi, "Mamamatay na siya ngayon." Pumasok ang desperasyon. Hindi niya makakaya, sa posisyon niya, na mahuling kasama si Jesus na taga-Nazaret, dahil mawawala niya ang posisyon niya bilang isang saserdote.

Pero sasabihin ko sa inyo, sa panahon mismo ng kagipitan, mariin siyang ibinunsod nun sa desperasyon. Nakikinita ko siya na hinahagilap niya 'yung munting balabal niyang pangministro at sumbrero, at isinuot 'yun. Heto ngang paparating siya sa gitna ng madla, sumisingit-singit; kung saan may isang

babae na humipo sa damit ni Jesus, at kung ano pa, at ang lahat ng mga naroon ay nagsisigawan. Pero nagtungo siya't ang sabi, "Guro, ang munti kong anak na babae'y nakaratay sa bingit ng kamatayan. Guro, Guro, ang munti kong anak na babae'y nakaratay na sa bingit ng kamatayan, at kung makapupunta Ka lamang para ipatong ang Iyong mga kamay sa kanya, siya'y mabubuhay." Oh, grabe! Ibinubunsod nga kayo ng desperasyon na makapagsabi ng mga bagay-bagay kung minsan, ibinubunsod kayo na gawin ang mga bagay-bagay. Ibinubunsod kayo na kumilos. Naligtas ang anak niyang babae ng dahil sa desperasyon.

<sup>137</sup> Tayo'y maging desperado, gaya nung munting babae na inaagasan ng dugo. Sinabi ng Biblia na ginugol niya ang lahat niyang salapi, sa mga manggagamot, at sa kabila nun ay di pa rin nila siya matulungan. Nagsimula 'yun sa kanya noong panahon na nagmemenopause siya, 'yung pag-agas, at inaagasan siya ng dugo, at hindi 'yun mahinto. Marahil ibinenta na nila ang sakahan, 'yung mga mola, mga kabayo, at kung anu-ano pa; at wala ngang anumang makatulong sa kanya. At sinabi ng kanyang mga saserdote na huwag na huwag siyang makikihalubilo sa mga ganoon. Pero isang umaga siya'y tumanaw. Nakatira siya sa may pampang, doon kung saan naroon ang sakahan niya, at nakita niya 'yung malaking grupo ng mga tao na pinalilibutan itong isang Lalaki sa dako roon, at sinasabi nila, "Anong mayroon?"

Sabi, "Si Jesus na taga-Nazaret." Pumasok ang desperasyon.

Sabi niya, "Mistula nga akong walang halaga. Ako—ako... Pero kung mahihipo ko lamang ang laylayan ng Kanyang damit, ako'y gagaling." At nilampasan niya ang bawat kritiko at lahat ng iba pa. Anupa't nakarating siya sa dako, na hinipo niya ang damit ni Jesus, dahil sa desperasyon.

At noong si Jesus, Siya'y bumaling at nagsabi, "Sinong humipo sa Akin?" At lahat sila roon ay itinanggi 'yun. Pero tumingin Siya sa paligid. Taglay-taglay Niya ang isang dakilang kaloob ng Diyos. Siya'y Diyos; at natagpuan Niya ang munting babae at sinabi sa kanya na ang pag-aagas niya ng dugo'y huminto na. Mariin siyang ibinunsod ng desperasyon para gawin 'yun.

<sup>138</sup> Desperasyon ang nagbunsod—nagbunsod noon sa reyna ng Katimugan. Nabalitaan niya na ang kaloob ng Diyos ay kumikilos kay Solomon. Ibinunsod siya ng desperasyon patungo roon.

<sup>139</sup> Nang may desperasyon! Ganyan nga ang mga tao, gaya n'yo, gaya ko. Sila nga'y hindi iba sa inyo at sa akin. May limang pandama sila. Sila'y kumakain, at umiinom, at kung ano pa, gaya natin, na nabubuhay at namamatay. Sila'y mga tao rin.

<sup>140</sup> Mariin siyang ibinunsod nun sa desperasyon hanggang sa kunin niya ang bahagi ng kanyang kaharian. Mariin siyang ibinunsod nun sa isang punto na hindi na niya iniisip ang tungkol sa mga Ismaelita na nanakawan siya sa disyerto, maging 'yung siyamnapung araw niya sa likod ng kamelyo sa pagbagtas sa Disyerto ng Sahara. Desperasyon! Siya'y pupunta't pupunta, ano't anuman ang mangyari. At noong makarating siya roon, wala ngang maililihim kay Solomon na anupa't sinabi nito sa reyna ang tungkol sa mga bagay na nais niyang alamin. Desperasyon! Sinabi ni Jesus, "Siya'y babangon sa Araw ng Paghatol kasama ang henerasyong ito, at hahatulan ito, dahil higit kaysa kay Solomon ang narito." Desperasyon!

<sup>141</sup> Sa pagtatapos hayaan n'yong sabihin ko lang ito. Di pa katagalan, doon sa Mexico, may nakita akong isang bagay na desperado. Kasasampa ko lang noon sa entablado, doon sa malaking arena, at ang mga tao'y nandun na nang alas nuwebe ng umagang 'yun, at halos mag-aalas diyos na noon ng gabi. Isang matandang lalaking bulag, noong gabi bago 'yun, ganap na bulag nang halos tatlung taon, ang nakatanggap ng kanyang paningin, at lumilibot sa bayan noong araw na 'yun, nagpapatotoo. At may bunton dun ng mga damit, na nakalatag nang marahil tatlumpu, apatnapung yarda, *ganoong* kataas, lumang mga talukbong mismo. May nasa apatnapu, limampung libong tao ang naroon. At 'yung mga lumang sumbrero't mga talukbong, kung kani-kanino 'yung mga 'yun, sa palagay ko sila-sila na ang makakapagsabi sa pagitan nila. At bumubuhos noon ang ulan.

<sup>142</sup> At ibinaba nila ako roon sa isang lubid, sa ibabaw ng isang pader, at nakasampa ako roon sa entablado. Yung ministro. . . Yung lalaki na nakaupo rito, dinala nila siya. . . Siya at ang anak niyang babae'y kararating lang mula Michigan mga ilang minuto ang nakararaan, nagkuwento tungkol kay Kapatid na Arment. Inaalala natin siya rito. Siya'y nasa mga lansangan na ng Kaluwalhatian ngayong gabi. Nandun noon si Kapatid na Arment, at hinubad niya ang amerikana niya, at tumayo sa ulan, at ibinigay 'yun kay Kapatid na Jack Moore para maisuot, dahil nanginginig na noon si Jack. Yung taga-Timog nga'y giniginaw mismo sa malamig na ulan doon sa Mexico. At hayan nga't nakatayo siya roon.

<sup>143</sup> Tapos lumapit sa akin si Billy Paul, ang anak ko, at ang sabi, "Daddy, kinakailangan pong may gawin ka. May isang munting Mehikanang babae roon na may dalang patay na sanggol na namatay kaninang umaga. Wala akong sapat na mga usher para mapalabas siya sa pila." Kung ang pagpapatong ng mga kamay sa bulag na lalaki'y nabigyan siya ng kanyang paningin, ang pagpapatong ng mga kamay sa kanyang patay na sanggol ay makapagbibigay rito ng buhay nito. Isa siyang Katoliko. At, siya, hindi nila siya mapapanatili sa puwesto niya.

At si Kapatid na Espinoza at sila roo'y sinabi na sa babae, "Wala na kaming mga prayer card. Kinakailangan mong maghintay hanggang sa susunod na gabi."

<sup>144</sup> Sabi nung babae, "Patay na ang sanggol ko. Patay ito mula nitong umaga. Kinakailangan kong makapila roon." Haya't pupunta at pupunta talaga siya, may prayer card man o wala. At nagpapatay na sila nang mga tatlong-daang mga usher doon. Haya't lumulusot lang siya sa ilalim ng kanilang mga binti, at sumasampa sa ibabaw ng kanilang mga likod, at tumatakbo na may dala-dalang patay na sanggol, at natutumba sa gitna nila. Di nga niya alintana 'yun; sinisikap niyang makarating doon. Siya'y desperado. Nangusap ang Diyos sa kanyang puso, na, "Ang Diyos na nakapagbibigay ng paningin, ay nakakapagbigay ng buhay." Oh, grabe! Siya'y desperado. May kung anong bagay na nag-aalab sa kaibuturan niya.

<sup>145</sup> Oh, mga maysakit, kung hahayaan n'yo lang 'yun na magningas sa kaibuturan n'yo nang ilang minuto, haya't masdan n'yo ang mangyayari, 'yung ganoong uri ng desperasyon. Ang Diyos na makakapagpagaling sa munting batang ito nung isang gabi, ay makakapagpagaling sa ginang na ito na may kanser, pagalingin ang lalaking ito, at gawin ito, kina Binibining Florence Nightingale, oh, sa sampung makailang libo! Siya, yaong, hindi mapag-aalinlanganang katibayan; nagbabangon ng patay, at pinagagaling ang maysakit, at lahat ng iba pa. Kung Siya ay Diyos, magagawa Niya 'yun; Siya ay Diyos ng kahapon, Siya ay Diyos ng ngayon. Maging desperado kayo, pagkatapos maipangyayari n'yo ang isang bagay.

<sup>146</sup> Pagkatapos, sa desperasyon na 'yun, siya nga'y nagtutumulín. Sinabi ko kay Kapatid na Jack Moore, sabi ko, "Hindi ako kilala nung babae. Hindi pa niya ako nakikita kailanman. Hindi niya alam kung sino itong narito sa ibabaw ng entablado. Yung munting Katolikong babae, ngayon, hindi siya nakakapagsalita ni isang salita na Ingles, kung ganoon paano niya malalaman kung sino ito?" Sabi ko, "Bumaba ka, at ipanalangin ang sanggol, at makukuntento na siya roon, at siya'y aalis na." Sabi, "At hindi magsasanhi ng..." Tuluy-tuloy nga ang kaguluhan dun. Sasampa siya, at ang lahat ay magsisigawan. Sasampa nga siya roon sa ibabaw ng kanilang mga balikat, at tutumba sa kalagitnaan nila. Uusad siya nang ilang talampakan, at sinusubukan naman nilang itulak siya pabalik; at heto siya na lulusot sa pagitan ng mga binti nila, karga-karga ang sanggol na ito, na ikinayayamot ng mga usher at lahat na ng iba. Hindi alintana, sasampa at sasampa siya roon. Kinakailangan niyang makasampa! Hindi alintana kung anuman 'yun siya'y pupunta't pupunta roon. Pupuntahan ang ministro...

<sup>147</sup> Ngayon hindi ba't ang kuwento na 'yan ay parang 'yung babaing Sunamita? Ang kaibahan lang, hindi 'yun tatlumpu't

limang daang taon ang nakalilipas. Ito'y tatlong taon lang ang nakalilipas, o apat. Kita n'yo?

Ang mga 'yan ay maaaring maging ganoon din ngayong gabi. Kapag lilitaw ang parehong desperasyon, pasusugurin dun ang pag-ibig at pananampalataya sa unahan ng labanan, para angkinin ang bagay na nais n'yo, dahil ito'y isang pangako ng Diyos na maaari n'yo itong makamit. Ganoon nga mismo.

<sup>148</sup> Bumaling ako; ako, ang ministro, o ebanghelista sa lugar na 'yun. Bumaling ako. Naawa ako dun sa babae, pero walang desperasyon. Kita n'yo? Bumaling ako at naisip ko, "Buweno, si Kapatid na Jack ang mananalangin para sa babae, at 'yun na -'yun na 'yun." Bumaling ako. Sabi ko, "Gaya ng ipinapangusap ko ngayon, ang pananampalataya . . ."

At tumingin ako roon, at naroon ang isang pangitain. Nakinita ko ang isang munting sanggol na naroon, isang munting itim ang mukha, na Mehikanong sanggol na walang ngipin. Tumatawa ito sa akin, na naroon. Sabi ko, "Sandali lang. Sandali lang." Itinulak nung desperasyon niya ang Espiritu Santo para ibahin ang paksa, ibahin ang mga mata ko't ipakita sa akin ang kanyang sanggol na naroon. Yun ang nagpabalik sa Espiritu. Sabi ko, "Sandali lang. Sandali lang. Dalhin mo sa akin ang sanggol."

Heto siya na parating dala-dala ang isang munti't, basa, na tumutulo, na asul at puting kumot, na may munting, patay na nakabalot na mga *ganoong* kahaba. Napaluhod siya, na may krusipiho sa kamay niya, o isang rosaryo, para usalin itong mga "aba ginoong Maria." Sinabi ko sa kanya, "Isantabi mo 'yan, hindi na 'yan kailangan."

At lumapit siya sa kinatatayuan ko, at sumigaw siya't napalahaw, "Padre," ang ibig sabihin nga'y, "Ama."

Sabi ko, "Huwag mong sabihin 'yan. Huwag mong sabihin 'yan. Sumasampalataya ka ba?" At sinabi nung lalaki sa kanya sa Espanyol, kung sumasampalataya ba siya.

"Oo," nananampalataya siya. Tinanong siya nung lalaki kung paano siya sumasampalataya. Ang sabi niya, "Kung nagawa ng Diyos na bigyan ang matandang lalaki na 'yun ng kanyang paningin, magagawa mismo na bigyan ang sanggol ko ng buhay." Amen. Mariin siyang ibinunsod dun ng desperasyon. Wala ngang anuman sa bahagi ko; nakita ko lang ang pangitain.

Sabi ko, "Panginoong Jesus, nakita ko ang pangitain ng isang munting sanggol, marahil ito na 'yun."

Noong mga sandaling 'yun ay sumipa ang sanggol, at biglang, "Wha! Wha! Wha!"

Sabi ko, "Sundan mo siya sa doktor. Kumuha kayo ng isinulat na pahayag ng doktor na, 'Ang sanggol na ito ay patay.'" At heto...isinulat nga nung doktor ang pahayag,

“Ang paghinga ng sanggol na ito, ang puso’y huminto nitong umaga, sa opisina ko nang alas nuwebe, namatay dahil sa double pneumonia.” Oh, ang sanggol nga’y nabubuhay sa Mexico ngayong gabi, sa abot ng nalalaman ko. Bakit? Namutawi ang desperasyon sa puso ng munting nanay, na umiiyak para sa kanyang anak, na saksi na nagagawa ng Diyos . . . na pagalingin ang mata ng isang lalaking bulag, at batid na kaya Niyang magbuhay ng patay na sanggol.

<sup>149</sup> Desperasyon! “Kapag inyong hahanapin Ako nang buong puso ninyo, haya’t Akin kayong didinggin.” Kita n’yo?

<sup>150</sup> Ang Kaharian! “Ang kautusan at ang mga propeta ay nanatili hanggang kay Juan. Mula noon, ang Kaharian ng Langit ay ipinangaral, at ang tao ay pumapasok Dito na nagpipilit.” Hindi lang kayo basta tumatayo-tayo sa paligid at nagsasabi, “Bitbitin Mo ako sa aking kuwelyo, Panginoon, itulak ako papasok.” Ikaw mismo’y nagpupumilit Dito. Nagiging desperado kayo, sa pagitan ng Buhay at kamatayan.

<sup>151</sup> Sana may oras pa ako para sa isa uling kuwento, na iniisip ko ngayon, tungkol sa isang babae, kabataang babae, na naligaw ng landas, at kung papaanong bumuklat siya ng bagong mga pahina at mga bagay-bagay, hanggang sa sabihin ko, “Kapatid na babae . . .”

Tumayo siya at nagsabi, “Ako’y—ako’y naniniwala na magiging ayos lang ako.”

Sabi ko, “Hindi, hindi! Manatili ka ryan.”

At pagkatapos, nalaman mo na lang, nagsimula na siyang manalangin nang kaunti, at lumalakas nang lumalakas ang boses niya mismo. Pagkatapos nang ilang saglit naging desperado siya, ang sabi, “Oh Diyos, ilitgas Mo ako!”

<sup>152</sup> Hindi ito malunasan ng Alcoholics Anonymous. Wala ngang magawa ang kahit sino. Pero ’yung malalaki’t, maiitim na mga matang ’yun ay tumingin sa akin, at may mga luhang gumuguhit sa kanyang mga pisngi; sabi niya, “May bagay na nangyayari.” Oh, tama! Siyanga, po! May bagay na nangyari. Siya’y naging desperado.

<sup>153</sup> Tayo’y maging desperado sa bagay na ito; pagitan ng kamatayan at Buhay.

<sup>154</sup> Kung hindi mo kayang maging desperado, huwag na kayong pumila rito. Kung kayo’y desperado, pumunta kayo rito at masdan n’yo, makukuha n’yo—makukuha n’yo ito sa pagpunta na pagpunta n’yo rito.

<sup>155</sup> Manalangin tayo. Nang may desperasyon ay antabayanan ang Kaharian ng Diyos, Ito’y dadako sa inyo.

<sup>156</sup> Makalangit na Ama, dalangin ko sa Iyo sa Pangalan ni Jesus, na mahabag Ka sa amin, Panginoon. At simulan sa amin ang isang desperasyon. Oh Panginoong Diyos, maawa Ka po sa amin,

'yan ang dalangin ko, at ibunsod ang mga tao na hanapin Ka ngayong gabi nang may desperadong mga puso. Batid po namin na narito Ka, Panginoon. Ikaw po'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman.

<sup>157</sup> At ngayon nawa ang mga taong narito na may Tanda, na sila'y nakalipat na mula kamatayan patungong Buhay, nagbago na sila mula sa lumang makamundong buhay patungo sa isa na bago. Sila nga. Ang Dugo'y ipinahid na; at, Diyos, ipagkaloob sa kanila ang markang Tanda. Nawa'y kunin nila ang Tanda na 'yun sa kanilang mga kamay, sila na mga may sakit, sabihin, "Ako'y binili nang produkto ng Diyos. Ako'y nakay Cristo na, at sa Kanya'y wala nang sakit. Ako'y nakay Cristo na, at sa Kanya'y wala nang pagkakasala. Ako'y nakay Cristo na, at sa Kanya'y wala nang kawalan ng pananampalataya. Tinatalikuran ko ang lahat ng sinasabi sa akin ng diyablo. Kinukuha ko ang aking Tanda na ang aking. . . 'Siya'y nasugatan dahil sa aking mga pagsalangsang; Siya'y nabugbog dahil sa aking kasamaan; ang parusa ng ukol sa aking kapayapaan ay nasa Kanya; at sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay ako'y gumaling.' At akin ngayong hawak-hawak ang Tanda, na kinikilala na ako ng Diyos, ng panukala, o Persona, na binili na ng Dugo ng Panginoong Jesus. At hawak ko ang Tanda ng Kanyang kamatayan sa aking mga kamay, dahil Siya'y ibinangon muli, at ako'y sa Kanya at Siya'y sa akin. Ako'y hahayo na may determinadong pananampalataya, na mula sa gabing ito, ako'y nananampalataya sa Diyos, at ako'y gagaling sa pagdako ko roon at tutugunin ang mga kinakailangan."

Dahil, ang huling Mga Salita na namutawi mula sa Kanyang mga labi, ay ganito, "Kung sila'y magpapatong ng kanilang mga kamay sa maysakit, sila'y magsisigaling." Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Nawa'y may desperasyon na magpasimula, sapagkat hinihiling ko ito, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

I can, I will, I do believe;  
I can, I will, I do believe;  
I can, I will, I do believe  
That Jesus heals me now.

Oh, I can, I will, I do believe;  
I can, I will, I do believe;

Isipin n'yo lamang, "Ako'y determinado!"

I can, I will, I do believe  
That Jesus heals me now.

<sup>158</sup> Sinasampalatayanan n'yo ba 'yun? "Ako'y determinado! Ako'y determinado, sa biyaya ng Diyos, na hindi ako kailanman hihinto hanggang sa ang Bagay na 'yun ay tumama sa akin. At ako'y dadako roon para mapatungan ako ng mga kamay."

Ngayon, hindi tayo kailanman binigo ng Diyos. At naniniwala ako na ang dakilang Manggagamot ay naritong



malapit ngayon. Naniniwala ako na ang Diyos na sumulat ng Salita, naniniwala ako na ang Diyos na gumawa ng hain, naniniwala ako na ang Tanda ng Diyos na naglilinis sa atin mula sa kasalanan sa gabing ito, ang Tanda, ang Kanyang Sariling Buhay, ay narito kasama natin. “Ako’y sasama sa inyo, maging hanggang sa dulo man ng mundo. Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan, ngunit inyong makikita Ako, dahil Ako’y magiging kasama ninyo, mapapasa inyo, hanggang sa katapusan ng mundo.” Sinasampalatayanan n’yo ba ’yun? Ako’y nagtitiwala sa Kanya. Sinasampalatayanan ko na gagawin Niya. Hindi ba’t kayo rin?

<sup>159</sup> Ngayon, noong simulan ko mismo ’yun, nakakita ako ng mga pangitain na lumilitaw, amen, dakilang mga pangitain ng Panginoon, na nangungusap ng dakilang mga bagay. Amen! Kung sisimulan ko ’yun, magdamag tayong narito. Sasampalatayanan n’yo na ba? Sumasampalataya ba kayo? Amen! Sinasampalatayanan ko ito nang buong puso ko.

<sup>160</sup> Ang munting ginang na nakaupo riyang mula kay Kapatid na Palmer, siya’y isang estranghero sa akin. Siya’y taga-Georgia, at pinahihirapan siya ng sakit na pambabae. Kung sasampalataya siya na pagagalingin siya ng Diyos, Kanya itong gagawin. Hindi ko pa nakikita ang babae na ito sa buong buhay ko, pero ’yun ang suliranin niya.

<sup>161</sup> Ang munting babae, hindi ko lang alam kung napakinggan na niya ang Mensahe noon, o hindi pa, pero habang nangangaral ako rito, nakita ko siya. Sampalatayanan n’yo lang ito at tingnan kung tama ba. Amen. Kung makasampalataya lamang kayo! Ganoon nga.

<sup>162</sup> Ang ginang na nakaupo riyang sa likod na may suliranin sa likod, talagang pinahihirapan siya, ang pangalan niya ay Gng. Wisdom. Kung sasampalataya ka nang buong puso mo, pagagalingin ka ni Jesus Cristo. Hindi ko pa nakikita ang babae sa buong buhay ko, pero nakaupo siya riyang, na naghihirap. Nakasuot siya ng dilaw. Tama ba? Sige. Tayo ba’y estranghero sa isa’t isa? Oo. Sige, po. Makakauwi ka na, maging maigi na. Pinagagaling ka na ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>163</sup> May isa pang babae na nakahagip nun, sakit sa likod, nakaupo sa dako rito. May sakit siya sa likod. May anak siyang lalaki, at ang bata’y may sakit sa ulo. Uh-huh. Tama. Gng. Parker ang kanyang pangalan. Nananampalataya ba kayo nang buong puso n’yo, at pagagalingin kayong dalawa ni Jesus Cristo. Amen! Kayo’y mga estranghero sa akin. Ganoon nga mismo. Amen! Manampalataya kayo nang buong puso n’yo.

<sup>164</sup> Heto ang isang matandang lalaki na nakaupo rito sa likod na galing pang Michigan. May suliranin siya sa kanyang mga tainga. Oh, may nauulinigan siyang mga tinig, espirituwal na suliranin. Tama ba? Inisip mo na—na...Hindi mo alam kung

ang Diyos ba 'yun, o kung ano kaya ang kumakausap sa iyo. Nakakarinig ka ng mga ingay sa iyong mga tainga. Ako'y ganap na estranghero sa iyo. Kung tama, itaas mo ang iyong mga kamay, at 'yan nga ang nangyayari. Hindi ka na nito gagambalain pa, pinagaling ka na ni Jesus Cristo.

Sinasampalatayanan mo ba ang dakilang Manggagamot?

<sup>165</sup> Ako'y magsasalita sa iyo, pero, mula Norway, at hindi mo maiintindihan; Norwegian ang lingguwahe. Uh-huh. Buweno, sabihin mo sa kanya na makakauwi na siya, na nananampalataya, kapatid na babae, kung alam mo kung paano salitain 'yun. Sabihin mo sa lalaki na ang sakit niya sa ulo ay lilisan na sa kanya. Ngayon, alam mo na di ko siya kilala. Nagpunta siya rito mula Norway, para maipanalangin. Bumalik ka, na isang magaling nang lalaki. Amen.

<sup>166</sup> Oh! "Si Jesus Cristo'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman!" Ano ito? Ito'y ang Haliging Apoy. Ang Espiritu Santo ito. Ito ang Tanda na 'yun, na si Jesus Cristo'y nabubuhay. At noong ang mga tao, noong matagal nang panahon, ay nakita Siya na gumagawa ng mga bagay na ito, Kanyang natatalos ang kanilang pag-iisip dahil Siya ang Salita. "At ang Salita ay mas matalas pa kaysa sa tabak na may dalawang talim, at isang kumikilala ng mga pag-iisip at haka ng kanilang puso." Amen.

<sup>167</sup> Nakakakita ako ng tubig na humahampas, at ang munting batang lalaki na ito'y parating. Narinig niya, at may binabasa siyang aklat sa dako roon, at sumulat, sa Norwegian. Naunawaan niya; may kumausap sa kanya. May suliranin siya, pero, kung sasampalataya siya nang buong puso niya, pagagalingin siya ng Panginoong Jesus. Malayo ang biniyahe niya, at kaawa-awang bata, hayan nga, na sinisikap magpumilit. At papatungan natin siya ng mga kamay, maya-maya.

<sup>168</sup> Sumasampalataya ba kayo? Amen! Kahanga-hanga nga! Oh, grabe! "Ang dakilang Manggagamot ay naritong malapit ngayon." Kapatid na babae, nasaan ang Kapatid na babaing Ungren, at 'yung isa pang kapatid na babae sa may piyano? Nais kong lumapit kayo nang madali ngayon, kung magagawa n'yo, at tipahan n'yo kami ng isang awitin, "Ang dakilang Manggagamot ay naritong malapit ngayon, ang mahabaging lubos na Jesus."

<sup>169</sup> Nais kong ang mga tao sa pasilyo na ito *rito*, na nais maipanalangin, maaari lamang na dumako sa gilid *dito*, paisa-isang pasilyo lang. Kapatid na Neville, gawin po 'yung banda riyang kung magagawa mo. Nasaan si Kapatid na Capps o isa sa mga tagapanguna ng awitan? Sige't si Kapatid na Ungren, o Kapatid na Capps, o kung sino man, sila'y pumarito, aawit, pangungunahan tayo sa awitin na ito kung magagawa n'yo. Si Kapatid na . . . Nasaan po ang isa sa mga kapatid? Sige. Buweno, ginoo, mainam. Sige. Ang lahat po'y dumako sa pananalangin!

<sup>170</sup> Alalahanin n'yo, desperasyon! Tingnan n'yo kung anong magagawa sa inyo ng desperasyon? Ibubunsod kayo ng desperasyon na tumawid ng dagat. Ibubunsod kayo ng desperasyon mula sa ibang estado. Ibubunsod kayo ng desperasyon saan mang dako. May isang kalugud-lugod na tatay at ang kanyang anak na babae, dahil sa desperasyon, ay sinikap na makaparito, makapunta, at lahat na, at makaupo rito sa ano mang paraan; kani-kanina lang ay pinalaya na ng Espiritu Santo ang bagay na 'yun dito sa pagtitipon, bago pa ako makarating dito. Oh!

The sweetest carol ever sung,  
Jesus, blessed Jesus.

The great Physician now is near,  
The sympathizing . . .

Panginoong Jesus, Iyo pong ipagkaloob, dinggin ang panalangin ng Iyong lingkod, Panginoon. Dalangin ko na Iyong tugunin ang bawat isa rito at pagalingin sila, para sa Iyong Kaluwalhatian, sa Pangalan ni Jesus.

. . . the voice of Jesus.

Sweetest note in seraph song,  
Sweetest Name on mortal tongue,  
Oh, sweetest carol ever sung.

Ibunsod nga ng mga desperado ngayon, na nakababatid mismo na kayo'y pagagalingin. . . Isipin n'yo 'yun, sa abot ng nalalaman ko, sandaang porsiyento, mula noong nakaraang Linggo ng gabi, ang gumaling sa sanlinggong ito.

The sympathizing . . .

<sup>171</sup> Masdan, Siya'y dumarating. Kita n'yo, Kanya nang pinagaling kayo. Dala-dala Niya ang Kanyang Salita, Kanyang pinagtibay Ito, Kanyang ipinapakita ang Kanyang Presensya. Walang makagagawa ng mga bagay na 'yun maliban sa Diyos. Alam n'yo 'yan. Ito'y tanda ng Mesiyas. At alam n'yo na hindi ako Mesiyas, kaya Siya ito. Ngayon dito nga'y pinatunayan Niya sa inyo ang lahat.

Ngayon dapat nga kayong ibunsod nito sa desperasyon. Dapat nga'y pinasagitsit nito ang buong dako at hihipo sa . . . Hindi, para nga itong isang—isang—isang—isang posporo sa isang bariles ng pulbura. Tunay nga! At dapat ngang pasambulatin nito ang pananampalataya, at—at ang pag-ibig at desperasyon ay ibunsod ang mga tao patungo sa Kaharian ng Diyos, na manampalataya nang buong puso nila. Sumasampalataya ba kayo ngayon, bawat isa sa inyo? Sige. Ngayon, Billy, kunin mo 'yung . . .

<sup>172</sup> Tony, tumingin ka rito pansumandali. Matagal na kitang hindi nakikita, hayan nga na may sakit ka. Pinahihirapan ka ng parang disinterya. Siyanga. Matitigil na ito. Lilisanin ka na

nito. Nakikinita ko ang bagay na 'yun na sumusunod sa kanya, habang papalapit siya roon. Walang bagay na maitatago mula sa Diyos ngayon mismo. Matagal ko nang hindi nakikita. . . Ilang buwan na rin na hindi ko nakikita si Tony, sa palagay ko, pero nakikita ko na mayroon siya nun. Mayroon nga siya nito; pero wala na siya nito ngayon.

<sup>173</sup> Atin na ngayon iyuko ang ating mga ulo. Huwag magmulat maski isang mata. Huwag tumingin maski isang mata. Ang bawat isa po'y dumulog sa panalangin. At si Billy Paul o si Kapatid na Neville, isa, ay tatawagin ang kasunod na mga hanay kapag sumapit na ang oras. Ngayon ang lahat po'y dumulog sa panalangin. Pauusarin na natin ngayon; ang gitnang pasilyo po'y pumunta sa kaliwang panig kapag kayo'y tinawag, at maging ang—ang kaliwang pasilyo sa dako *rito* na magpunta sa kaliwang panig kapag kayo'y tinawag. Tatawagin kayo ni Kapatid na Neville.

Ngayon, iniisip ko kung may kapatid ba rito na nagnanais tumayo at magpatong ng mga kamay sa mga taong ito habang dumadaan sila, kasama ko? Sino man sa inyo na mga ministrong kapatid, kayo po'y maluwag na inaanyayahan na lumapit at tumayo sa tabi ko kung nais n'yong gawin ito. Hindi po ito bukod na bagay. May mga karapatan kayo na manalangin para sa mga maysakit kayo ko rin.

Batid ko na narito ang Espiritu Santo. Sinumang di maniniwala riyan, may kung anong bagay na mali sa kanila.

<sup>174</sup> Sige, tayo nga'y manampalataya ngayon nang buong puso natin, na ipagkakaloob ng Diyos ang mga bagay na ito na hinihiling natin. Manampalataya ngayon. Huwag mag-alinlangan.

At ang bawat isa'y manalangin, para sa isa't isa. Anong sinabi ng Biblia? "Ipahayag ninyo ang inyong mga pagkakamali sa isa't isa; manalangin para sa isa't. . ."

<sup>175</sup> At kayo na mga dumadaan sa pila, kapag pinatungan kayo ng mga kamay na ito, kayo nga'y dumako rito na sadyang masaya't pinupuri ang Diyos na kayo'y magaling na.

Sige po, ang bawat isa sa panalangin ngayon habang pinangungunahan ni Kapatid na Capps ang mga pag-aawitan.

Pangoong Jesus, ngayon tulungan Mo po kami. Dalangin ko, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo, na ang Espiritu Santo'y hipuin ang bawat isa, at nawa sila'y gumaling habang kami'y sumusunod sa Iyong mga utos ng pagpapatong ng mga kamay sa mga maysakit. Sinabi Mo, "Sila'y gagaling." Sinasampalatayanan namin ito, Ama, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Buweno, ang bawat isa'y dumulog sa panalangin ngayon habang nagsisimula tayong manalangin. Una, itong munting batang may sakit na nasa silyang de gulong.

Papatungan ng mga kamay ang bata, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na siya'y gumaling na.

Siyanga, po.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo. . . [Gumugol ang pila para sa pananalangin nang labing-walong minuto, hindi masyadong matukoy ang mga salita ni Kapatid na Branham—Pat.] . . . ? . . .

The sweetest carol ever sung,  
Jesus, blessed Jesus.

<sup>176</sup> Ilan sa inyo ang naniniwala na ginawa na ng Diyos, na sigurado kayo sa puso n'yo, na may selyo ng katiyakan, na tinugon na ng Diyos ang inyong kahilingan dahil sumunod kayo sa Kanyang Salita? Nagawa na ito. Ito'y tapos na. Ito'y—ito'y ginawa na. Sampalatayanan n'yo Siya nang buong puso n'yo, na ito'y tapos nang gawa.

<sup>177</sup> Ngayon, matyagan n'yo ang sanlinggong ito, at sa pagbalik n'yo uli, tingnan n'yo mismo ang mangyayari.

<sup>178</sup> Ipinapalagay ko, na sa susunod na pagkakataon na makabalik ako, loobin ng Panginoon, padadaanin ko ang pila para sa panalangin sa isa sa mga silid dito, sa munting silid na pagdadalan ko sa kanila, kita n'yo. Naniniwala ako na nahahayag na ngayon, kita n'yo, ang oras.

<sup>179</sup> Nais kong makadako sa kung saan madadala ko ang mga tao nang isa-isa, para makipag-ugnay sa kanila ng indibiduwal, hanggang sa masiyasat ko ito at masumpungan ito, at pagkatapos magpapatuloy nang paganoon, hanggang sa makapamalagi ako kasama nila sa oras na 'yan.

<sup>180</sup> Pagpalain kayong lahat ng Diyos. Nagagalak kami na nandito kayo. Inyo bang natanggap na. . . ? Kayo ba'y nagpupursige ngayon? Kayo ba. . . ? Kayo ba'y desperado, nasa inyong desperasyon na kamit n'yo para sa inyong kagalingan? Lahat ba ng ito'y wala na, sa isang pag-ibig at pananampalataya at kumpiyansa na gagawin ng Diyos ang Kanyang ipinangako na gawin? Gagawin nga ng Diyos.

Mula sa kanila na mumunting mga bata, may dalawa o tatlo sa kanila rito ngayong gabi, ang nasa silyang de gulong, aking. . . Tayo'y sasampalataya para sa kanila, sila'y mga bata pa lang, para sila ay gumaling, din. Sila'y gagaling mismo. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yun? Amen! "Sila'y gagaling." Kanila ngang gagawin mismo. Sinabi mismo ng Diyos. At tayo'y desperado, at sasampalatayanan ito ngayon, na ito'y magagawa.

<sup>181</sup> Ngayon, ang atin pong mga gawain ay nakapaloob lang ang isang bagay pagkatapos ng isa pa. Ngayon pauwiin na natin ang mga narito na kailangan nang umalis. At ang pinakamainam na

nakikita ko, halos walong minuto na lang bago mag-alas diyes. At, kung kailangan n'yo nang umalis, kami'y—kami'y nagagalak na naparito kayo, at nais namin na makabalik kayo at makasama uli namin. Ang iba pa sa inyo, matapos nating tumayo, tayo'y mauupo uli; at kayo na mga aalis na, sige't umalis lang po nang tahimik kung maaari. At pagkatapos magkakaroon tayo ng gawain na komunyon agad-agad pagkatapos nun. Kayo po'y iniimbitahan na manatili kung magagawa n'yo. Kung hindi po, pagpalain kayo ng Diyos. Ipanalangin n'yo ako. Ipanalangin ko kayo. At, alalahanin n'yo, panatilihin n'yo na nakapahid ang Tanda, at maging desperado kayo na magpumilit patungo sa Kaharian ng Diyos. Amen!

Ngayon aawitin natin ang awitin natin nang pagtatapos, kung magagawa natin, sige't, *Take the Name Of Jesus With You*, habang tumatayo tayo.

. . . Name of Jesus with you,  
 Child of sorrow and of woe;  
 It will joy and comfort give. . . (Maaari n'yo  
 nang dalhin ang mga 'yan ngayon.)  
 . . . It everywhere you go.  
 Precious Name, (Precious Name!) O how sweet!  
 (O how sweet!)  
 Hope of earth and joy of Heaven;  
 Precious Name, O how sweet! (How sweet!)  
 Hope of earth and joy of Heaven.

Makipagkamay po sa isa't isa, sabihin, “Pagpalain ka ng Panginoon, manlalakbay kong kapatid na lalaki, kapatid na babae.” Nang malalim, may sinseridad, may pagpipitagan, at Cristianong magkakaibigan sa bigkis ng pakikisama, sige't makipagkamay sa isa't isa, kapatid na lalaki't kapatid na babae. Pagpalain kayo ng Diyos, na sama-sama. Kahanga-hanga nga!

I love Him, I love Him  
 Because He first loved me  
 And purchased my salvation  
 On Calvary's tree.  
 Till we meet! till we meet!  
 Till we meet at Jesus' feet; (Till we meet!)  
 Till we meet! Oh, till we meet!  
 God be with you till we meet again.  
 Till we meet! till we meet!  
 Till we meet at Jesus' feet; (Till we meet!)  
 Till we meet! till we meet!  
 God be with you till we meet again.

<sup>182</sup> Itong katimyasan at pagbubuklod ng dakilang Tanda ng Diyos, ang Espiritu Santo, nawa Siya'y saganang mamalagi sa inyong lahat hanggang sa magkita-kita tayo uli. Sumama nawa sa inyo ang biyaya ng Diyos, gibain ang mga daan ng kamatayan

sa harapan n'yo; para ibunsod na walang hambalang ang inyong daan, nang sa gayon makita n'yo si Jesus sa tuwina sa mismong harapan n'yo, at hindi kayo matitinag.

<sup>183</sup> Makalangit na Ama, amin pong itinatagubilin ang gawain na ito, at ang gawain kaninang umaga, ang mga gawain na 'yun at ang mga bagay na ipinangyari, at ang lahat ng kaluwalhatian ukol sa Iyo, na nagbibigay sa Iyo ng mga pasasalamat at papuri para sa pagliligtas ng mga tao, at para sa pagpapagaling sa mga tao, at sa pagbibigay sa amin ng Iyong dakilang biyaya na aming tinitingnan. Iyo pong iligtas kami. Ganoon na lamang ang pasasalamat namín sa Iyo para rito. Ikaw po'y sumama sa amin ngayon hanggang sa magkita-kita uli kami. Ikaw po'y makipagtagpo sa amin sa komunyón. Ikaw po ang humawak sa manibela ng mga magmamaneho, Panginóon, pauwi sa kanilang mga tahanan. Iyo pong ingatan sila sa padalos-dalos na araw na ito ng kasiyahan, na walang anumang pinsala o panganib ang dumating sa kanila. Sa Pangalan ni Jesus Cristo ay aming hinihiling ito. Amen.

Sige po, *Take The Name Of Jesus With You* uli.

Take . . . Name of Jesus . . .

Maaari na kayong umuwi ngayon, sa Pangalan.

. . . with you,

As a Shield from every snare;

When temptations round you . . . (Anong gagawin n'yo pagkatapos?)

Just breathe that Holy Name in prayer.

Precious Name, (Precious Name!) O how sweet!  
(O how sweet!)

Hope of earth and joy of Heaven;

Precious Name, (Precious Name!) O how sweet!  
(How sweet!)

Hope of earth and joy of Heaven.

At the Name of Jesus bowing,

Falling prostrate at His feet,

King of kings in Heaven we'll crown Him,

When our journey is complete.

Precious Name, O how sweet!

Hope of earth and joy of Heaven;

Precious Name, O how sweet! (How sweet!)

Hope of earth and joy of Heaven.

<sup>184</sup> Ngayon bago kayo maupo, habang naghahanda ang madla na tumahimik ngayon para sa gawain ng komunyón.

Kung hindi ako nagkakamali, hindi po ba ito si Kapatid na Blair, ang ministro na nakatagpo ko sa Arkansas di pa katagalan? Sa palagay ko nga. Di lang po ako sigurado. Pumunta ka rito para sa paghahandog ng anak, isang munting bata,

kaninang umaga. Naisip ko . . . Hindi ba't nakatagpo na kita di pa katagalan, dito sa may Hot Springs, Arkansas? Kasama mo noon ang . . . May bagay na mangyayari noon, at binanggit 'yun ng Espiritu Santo. Tama ba? Mabuti. Akin lang . . . Bigla ko lang naisip 'yun, naisip ko, "Ang kapatid na lalaking 'yun." Ako nga'y nagagalak na nakaparito ka, Kapatid na Blair.

<sup>185</sup> Ngayon hihilingin ko kay Kapatid na Blair kung maaari ba siyang manalangin sa Diyos na linisin tayo ngayon para sa komunyong na nakahanda nang ganapin. Maaari ba, Kapatid na Blair? [Nananalangin si Kapatid na Richard Blair—Pat.] Opo. Opo, Panginoon. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Opo, Panginoon. Opo, Panginoon. Opo, Panginoon. Opo. Opo. Amen.

Maaari na kayong maupo ngayon, ang bawat isa.

<sup>186</sup> At ngayon sa may organ, kapatid na babae, sige't kung maaari n'yong tugtugin ang *There Is A Fountain Filled With Blood*. At maaari n'yo nang umpisahan ang inyong . . . dalhin n'yo ang mga 'yun doon, kung anuman ang kailangan. Sige po, sa pagbabasa ngayon, kung maaari lamang kayong . . . tahimik lang po pansumandali.

Ano po 'yun, kapatid na babae? [Isang kapatid na babae, "Maaari ko bang kunin ang aking panyo?"—Pat.] Sige, kapatid, hanapin mo lang dito hanggang sa makita mo ito, ayos lang, nandiyan lang 'yan. Yan na ba 'yun? Sige, kapatid na babae.

<sup>187</sup> Buweno, ngayon babasahin ni Kapatid na Neville ang pagkakasunod-sunod ng komunyong.

At pagkatapos papasok ang mga usher, kung may mga estranghero rito, sa bawat upuan mismo, at palalakaran nang pasilyo sa pasilyo, sa paglapit natin, at hanay bawat hanay po, para sa komunyong.

<sup>188</sup> At ngayon maaari na kayong magbulay ngayon. Alalahanin n'yo, kumain nito ang Israel sa desperasyon, at sa buong paglalakbay ay wala ni isa sa kalagitnaan nila ang nanghina, hanggang sa dulo ng apatnapung taon. Ito'y Makalangit na kagalingan, din.

Pagpalain kayo ng Panginoon, Kapatid na Neville. [Binabasa ni Kapatid na Neville ang Unang Mga Taga-Corinto 11:23-32—Pat.]

*[Sapagka't tinanggap ko sa Panginoon ang ibinibigay ko naman sa inyo, Na ang Panginoong Jesus nang gabing siya'y ipagkanulo ay dumampot ng tinapay:]*

*[At nang siya'y makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, at sinabi, Kunin ninyo, kanin ninyo: ito'y aking katawan, na pinagputolputol dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin.]*

*[At gayon din naman hinawakan ang saro, pagkatapos na makahapon, na sinasabi, Ang sarong ito'y siyang*



*bagong tipan sa aking dugo: gawin ninyo ito, sa tuwing kayo'y magsisiinom, sa paguualaala sa akin.]*

*[Sapagka't sa tuwing kanin ninyo ang tinapay na ito, at inuman ninyo ang saro, ay inihahayag ninyo ang pagkamatay ng Panginoon hanggang sa dumating siya.]*

*[Kaya't ang sinomang kumain ng tinapay, o uminom sa saro ng Panginoon, na di nararapat, ay magkakasala sa katawan at dugo ng Panginoon.]*

*[Datapuwa't siyasatin ng tao ang kaniyang sarili, at saka kumain ng tinapay, at uminom sa saro.]*

*[Sapagka't ang kumakain at umiinom na di nararapat, ay kumakain at umiinom ng hatol sa kaniyang sarili, na hindi niya kinikilala ang katawan ng Panginoon.]*

*[Dahil dito'y marami sa inyo ang mahihina at mga masasakitin, at hindi kakaunti ang nangatatutulong.]*

*[Datapuwa't kung ating kilalanin ang ating sarili, ay hindi tayo hahatulan.]*

*[Datapuwa't kung tayo'y hinahatulan, ay pinarurusahan tayo ng Panginoon, upang huwag tayong mahatulang kasama ng sanglibutan.]*

[Pagpalain ng Panginoon ang pagkabasa, ng Salita.]

<sup>189</sup> Hawak ko ang kosher na tinapay, na bako-bako at pinagputul-putol, na sumasagisag sa katawan ni Jesus Cristo; na sa pamamagitan—pamamagitan ng nahapak na tabing ay nagkaroon tayo ng daanan patungo sa Kabanal-banal sa lahat ng banal.

<sup>190</sup> Makalangit naming Ama, itong tinapay na ito'y inihanda para isagisag ang hinapak at ginutay na katawan na 'yun. Nawa'y ang bawat isa sa amin, sa aming pagtanggap dito, mangyari nawa na tila ba literal naming ginawa ang akto na ito. At nawa'y matanggap namin ang mga kapatawaran sa aming mga pagkakasala, at ang daan patungo sa Kabanal-banalang dako, para mabuhay sa Iyong Presensya sa aming buhay sa hinaharap; at sa lahat ng araw na aming ibubuhay rito sa lupa, at makasama Ka sa Walang Hanggan nang magpakailanman. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama. Iyo pong pagpalain ang tinapay na ito para sa inukol na layunin. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>191</sup> Sinabi ng Biblia, “Matapos na kunin Niya at pagputul-putulin ang tinapay, sa gayon din naman ay hinawakan Niya ang saro; at pagkatapos Niyang makahapon, na sinasabi, ‘Ito ang saro ng Bagong Tipan ng Aking Dugo, na binubo para sa inyo.’” Nawa'y ipagkaloob ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala rito habang tayo'y nananalangin.

<sup>192</sup> Panginoong Jesus, hawak ko po rito ang dugo ng puno ng ubas, ang katas mula sa ubas. At, Ama, ito'y para isagisag

ang mamahaling Dugo na naglilinis sa amin, na mula Roon ay lumabas ang Tanda. Akin ngang pinasasalamatang Ka para Rito, Ama, at para sa sagisag na ito. Iyong sinabi, “Ang kumakain at umiinom Nito ay may Buhay na walang hanggan, at Aking ibabangon siya muli sa huling panahon.” Kami nga’y nagpapasalamat sa Iyo para sa pangakong ito. At, Ama, dalangin namin na Iyong linisin ang aming mga puso, na sama-sama, na kami’y maging karapat-dapat sa . . . aming pananampalataya; yamang nalalaman na sa aming mga sarili ay di kami karapat-dapat, pero ang aming pananampalataya ay di mabibigo, na ganap naming tinatanggap ang Dugo ni Jesus Cristo. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama.

<sup>193</sup> At linisin ang alak para sa inukol na layunin dito. Nawa’y ang sinuman na inom ng alak na ito ngayong gabi, at sasalo sa tinapay na ito, ay magkaroon ng lakas para sa paglalakbay na nasa aming harapan. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama. Nawa sila’y maging malusog at malakas, at puspos ng Iyong Espiritu, hanggang sa pagdating ni Jesus. Amen.

<sup>194</sup> [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Naniniwala ako na ang Komunyong ay isa sa pinaka taimtim, banal, na matimyas na pagsamba na mayroon sa gawain ng simbahan. May dalawang bagay na iniwan sa atin, tatlong bagay, na gawin, na—na mga utos at mga ordinansa. Napakaraming tao ang pinagpipilitang sabihin, “Nasa amin ’yung orihinal na pako.” “Mayroon kami nung kapiraso ng krus.” Pero may tatlong bagay na iniwan: Hapunan ng Panginoon, Bautismo, Paghuhugasan ng paa, ’yan ang tatlong utos na iniwan sa iglesya.

<sup>195</sup> At para sa akin, itong gabing ito’y mistula bang napaka espesyal na oras para sa akin. Habang ako’y nakatayo rito at nagmamasid-masid lamang; kadalasan ako—ako’y tuluy-tuloy sa pananalangin. Pero ngayong gabi, habang pinagmamasdan ang iba’t ibang mga pamilya, na haya’t nakikita ko na ang ilan sa mga pamilya’t dumadalo na rito mula noong kabataang mangangaral pa ako, na tumatayo rito noon sa mga sahig na may kusot, at ako . . . ang ilan sa kanila’y bago. Pero habang pinagmamasdan ko ang mga kalalakihan na pumaparito kasama ang mumunti nilang mga maybahay at pamilya, at ang makita sila na may kaluguran sa isa’t isa, at ang kabanalan nun, kung papaanong binabantayan nila ang kanilang mga anak; ang makita ang munting binibini at ang kanyang mga kamay na umaabot, at naiisip, “Pinawi ng munting kamay na ’yun, at pinahiran ang luha sa mata ng sanggol.”

<sup>196</sup> Pagkatapos nakikita ko ang mga pamilya na narito na ako’y nakabisita na sa kanilang mga tahanan noong may sakit sila, at may lagnat, ang mga bata; pinaigi ng Panginoong Jesus ang lagay ng kanilang mga anak. Saksi ako kapag sila’y may problema sa pamilya, tinutulungan ako ng Panginoon na papanatagin ’yun; ang makita sila na masaya uli. At binubulay

ko nga kung papaano pa kaya kung naroon na tayo sa dakilang Hapunan ng Kasalan na 'yun. Lubos-lubos ang pasasalamat ko na pinahintulutan ako ng Panginoon na maging kaibigan ko kayo at matulungan kayo. Ako... 'yan po ang dahilan kung bakit ako nandito.

<sup>197</sup> At ako, iniisip ko nga kung gaano nang kahaba't, maraming taon na rin; ito'y mga halos, ako'y nagsisimula pa lang noon na mangaral, mga 1930, at ito'y halos tatlumpu't dalawang taon na para sa akin, ngayon, tatlumpu't tatlong taon na, na ako'y nangangaral. Pagkatapos, itong lahat na pakikibaka't mga pagsubok at, tila ba, hayan, kapag—kapag tayo'y nakaakyat na rito, lahat ng ito—ito'y makakalimutan na. Kita n'yo? Inyo—inyo ngang napagninilay na para bang may kung anong bagay ukol sa Komunyong na sadya ngang inaalis ang lahat—lahat ng mga gusot sa mga bagay-bagay, sa pagtanggap ng Komunyong. Pagpalain kayo ng Panginoon.

<sup>198</sup> Ang matanda po sa iglesya ay haya't, babasahin ang Kasulatan para sa gawain ng paghuhugasan ng paa.

<sup>199</sup> [Binabasa ni Kapatid na Neville ang Juan 13:2-17, at isinasara ang gawain—Pat.]

*[At habang humahapon, nang mailagay na ng diablo sa puso ni Judas Iscariote, na anak ni Simon, ang pagkakanulo sa kaniya;]*

*[Si Jesus sa pagkatalastas na ibinigay na ng Ama ang lahat ng mga bagay sa kaniyang mga kamay, at siya'y nanggaling sa Dios, at sa Dios din paroroon;]*

*[Ay nagtindig sa paghapon, at itinabi ang kaniyang mga damit; at siya'y kumuha ng isang toalya, at ibinigkis sa kaniyang sarili.]*

*[Nang magkagayo'y nagsalin ng tubig sa kamaw, at pinasimulang hugasan ang mga paa ng mga alagad, at kinuskos ng toalya na sa kaniya'y nakabigkis.]*

*[Sa gayo'y lumapit siya kay Simon Pedro: at sinabi ni Pedro sa kaniya, Panginoon, huhugasan mo бага ang aking mga paa?]*

*[Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Ang ginagawa ko'y hindi mo nalalaman ngayon; datapuwa't mauunawa mo pagkatapos.]*

*[Sinabi sa kaniya ni Pedro, Huwag mong huhugasan ang aking mga paa kailan man. Sinagot siya ni Jesus, Kung hindi kita huhugasan, ay hindi ka magkakaroon ng bahagi sa akin.]*

*[Sinabi sa kaniya ni Simon Pedro, Panginoon, hindi ang aking mga paa lamang, kundi pati ng aking mga kamay at ang aking ulo.]*

[*Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ang napaliguan na ay walang kailangang hugasan maliban ang kaniyang mga paa, sapagka't malinis nang lubos: at kayo'y malilinis na, nguni't hindi ang lahat.*]

[*Sapagka't nalalaman niya ang sa kaniya'y magkakanulo; kaya't sinabi niya, Hindi kayong lahat ay malilinis.*]

[*Kaya't nang mahugasan niya ang kanilang mga paa, at makuha ang kaniyang mga damit, at muling maupo, ay sinabi niya sa kanila, Nalalaman бага ninyo kung ano ang ginawa ko sa inyo?*]

[*Tinatawag ninyo akong Guro at Panginoon: at mabuti ang inyong sinasabi; sapagka't ako nga.*]

[*Kung ako nga, na Panginoon at Guro, ay naghugas ng inyong mga paa; kayo naman ay nararapat ding mangaghugasan ng mga paa ng isa't isa.*]

[*Sapagka't kayo'y binigyan ko ng halimbawa, upang gawin naman ninyo ayon sa ginawa ko sa inyo.*]

[*Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang alipin ay hindi dakila kay sa kaniyang panginoon; ni ang sinugo man ay dakila kay sa nagsugo sa kaniya.*]

[*Kung nalalaman ninyo ang mga bagay na ito, kayo ay mapapalad kung inyong mga gawin.*]

[*Nawa'y pagpalain ng Panginoon ang pagbabasa ng Kanyang Salita.*]

[Kung gaanong karami ang makikibahagi, maghuhugasan ng paa ang mga kalalakihan sa silid na ito, sa dako rito; at ang mga kababaihan ay maghuhugasan ng paa sa silid na ito sa kaliwa, sa dako rito, sa maliit na pinagbabautismuhang silid na ito. Lubos na ikinagagalak ko na makita na marami ang nagnanais, at puwede, na makaparito para makibahagi kasama namin sa paghuhugasan na ito ng paa.]

[*Maaari ba tayong tumayo na sama-sama? Para sa mga nagnanais na makauwi na.*]

[*Muli'y sinasabi namin na kami'y lubos ang pasasalamat at nalulugod sa harap ng Diyos dahil sa mainam na araw na ito, na naging isang kalakasan ng loob sa aming puso, na makita ang dakila't makapangyarihang Presensya ng ating Diyos na pumarito sa ating kalagitnaan dito para papanatagin ang ating loob at pagpalain tayo.*]

[*Habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo nang sama-sama, hihilingin natin kay Kapatid na Earl Martin kung maaari niyang pauwiin na ang mga kinakailangan nang umalis.*]



63-0901E Mga Desperasyon  
Branham Tabernacle  
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)